


# SIMOY

—NG̃—

# KABAYANAN

AT

# KABUNDUKAN

SINULAT SA TUGMA

# MGA AKLAT NA IPINAGBIBILI SA MGA
## Tindahan ni J. Martinez

| | | |
|---|---|---|
| Novena kay San Jose | P | 0.20 |
| " " " Antonio | " | 0.20 |
| " ng̃ Ntra. Sra. del Rosario | " | 0.25 |
| " Pitong wica | " | 0.20 |
| " Estacion | " | 0.20 |
| " kay Ntra. Sra. de Lourdes | " | 0.20 |
| " " Sta. Clara | " | 0.20 |
| " ng̃ Ntra. Sra de la Concepcion | " | 0.15 |
| " sa Mahal na Cruz | " | 0.15 |
| Casaysayan ng̃ Sagrada misa | " | 0.20 |
| " " Tatlong Personas | " | 0.25 |
| " " Amang si Jesus | " | 0.20 |
| " " Babaing Samaritana | " | 0.20 |
| " " ng̃ Abecedario | " | 0.30 |
| " " Ligaya sa lang̃it at mundo | " | 0.25 |
| " " Martir de Golgota | " | 0.25 |
| Buhay ni Sta. Elena | " | 0.25 |
| " " " Eulalia | " | 0.30 |
| " " Jose Vendido | " | 0.30 |
| " " Sta. Isabel | " | 0.30 |
| " " San Francisco de Sales | " | 0.25 |
| " " San Juan de Dios | " | 0.25 |
| " " Sta. Ana | " | 0.25 |
| " " Santong si Moises | " | 0.25 |
| " " " " Job | " | 0.20 |
| " " Samuel Belibet | " | 0.30 |
| " " Sant. Maria Magdalena | " | |
| **Ang mahusay na pag gamot ni Tissot** | " | **3.00** |
| **Mga Cagamutang na nauucol sa loob ng bahay--Sta. Maria** | " | **2.00** |

# SIMOY NG̃
# KABAYANAN AT KABUNDUCAN

SINULAT SA TUGMA

— NI —

Joaquin Mañibo

MAYNILA:

IMPRENTA, LIBRERIA AT PAPELERIA

NI

J. MARTINEZ

253 Cabildo Intramuros, Tel. 3283

91 Rosario Binundók,

108 P. Calderón Binundók,

STOR
PN
6377
.T22
M27

Aring tunay ng̃ IMPRENTA AT LIBRERIA ni J. MARTINEZ, at di maipalilimbag ng̃ sino man kung wala siyang pahintulot.

# SA BABASA

*Kababayang giliw di co ninanasang*
*tampuhán ng̃ isip, talikdán ng̃ towâ*
*ang mg̃a basahíng ibá't ibáng tula*
*kinatha ng̃ mg̃a lahi ng̃ makata.*

*Kundi ang samo ko'y manggyaring ibayay*
*sa bagong panahón itóng paglilibáng*
*sa mg̃a basahíng may kasiyang̃aang*
*ukol sa damdamin ng̃ sariling bayan.*

*Itó ang marapat linang̃ín ng̃ suri*
*sa pagliliwaliw na sandá-sandali*
*ng̃ upang mataróc ng̃ may mg̃a budhi*
*ang ikadadang̃ál ng̃ bayan at lahi.*

*Saca hindi naman dapat ipagdamdam*
*ng̃ sino sino mang inanák ng̃ bayan*
*sakaling ang kanyang mapang̃it na asal*
*másaláng ng̃ mg̃a madlang kasaysayan.*

*Ipalagáy niyang alín mang panulat*
*ay malayang pincel na tagá paghayág*
*ng̃ Katalagahán, sa ikatutuklás*
*ng̃ kabihasahang bukalán ng̃ dilág.*

*Hangan dito akó bumabasang irog*
*basahin mo nawa ng̃ lasáp sa loob*
*itong sinulat kong linikha ng̃ pagod*
*"Simoy ng̃ Bayanan at Simoy ng̃ Bundóc."*

**Ang gumagalang ninyong linkod**

***J. M.***

**Bawangueño Magsuri**

## Unang pangkat

# ANG BALARAW AT PAG-IBIG

## SA BATIS ÑG BUTLAG

**Ang binata at dalaga**
**siyang bukalan ñg sayá**
**at kung saán tipón silá**
**nadoroón ang ligaya.**

Sa dakong silangan ng bayang Mahanghang (1)
may Batis na isang Butlag ang pangalan
malinaw ang tubig na tanging ígiban
ng tagá Balisóng at nayong Bayanan. (2)
Diyán naliligò ang pulúpulutóng
kabinibinihan mga tubong nayon
diyán nagagalák ang lagulaguyon
kabagong-taohang anák sa panahón.

---

(1) Mahanghang mula sa ñgalang Bawang isá sa mña malalakíng bayang sakóp ñg lalawiñgang Batañgan, Balisóng at Bayanan mña nayong sakóp ñg Bawáng ang layo sa kabayanan ay itó: ang Balisong ay humiguít kumulang sa isang kilómetro at ang Bayanan ay dalawá.

(2) Ang mña nananahán sa dalauáng nayong, nabanguít na, ay caraniuang sa Batis ñg Butlog nañgasisiiguib at naglalabada.

Kung saan náróón yaong mababangong
bulaklak ng lahì at dilág ng mundó
naroon ang madlang mga paró-paróng
nasagap ng mga malasáp na samio.

Diyan minamasdan ng tanging may ngitî
ng mga binatà ang maputîng bintî
ng kadalagahang asbók ang aglahing
birò hangang bago't pag naglao'y hindî.

Diyan karaniwang igkasín sa busog
ni Kupido yaong iba't ibang tunod
may tinging matigás, may tinging malambót
may titig maríng mulâ sa pag-irog.

May saglít na sulyáp ng maliksing matá
may irap ka't labì, hudyatan ang ibá
sa kilusang itó napagkikilala
ang panibughuan ng sintá sa sintá.

Ano pa at iyang sinasabing batis
pinaparaiso ng sabík na titig
ng kababataan, pagka't ang pag-ibig.
sa mundó ay siyang inaaring langit.

Kung walang pag-ibig na likás ng taong
dulot ng Lumikhâ sa simulang dako
matuturingan ngâ ng alin ma't sino
walang kabuluhán ang lahat sa mundó.

Sa mga pampangin ng nasabing Batis
may mina ang mga dukhang mapagtiís
ang barrita't pico'i siyang ginagamit
panuklas sa bunga ng kanilang pawis.

¿Anong kabuhayang doo'y na huhukay
gintô bagá kayâ, pilak, kaya't bakal?
hindî't yaong bató na gamit sa bahay
ng may mga kaya na taong sino man.

Diyan na mamasdan ang lakas ng bisig
niyong tanang dukhang mga tubong bukid
dukhang karaniwang siyang naaamís
ng lalang ng mga masakím na isip.

Sila't dilì ibá ang nangabubuhay
sa bisà ng sumpâ ng Dios kay Adan
mga dukhang sangag ang ulo sa arao
at sahól sa lamíg ng bugsô ng ulán.

Ang hirap na ito'y nakukurò kayâ
ng mga may kaya't nakakasaganà
na kapag nabisô ang sakop na dukhâ
uupasalain sa gawâ at w.kà.

¡Oh budhing ualâ ng pinanaligan
kundî ang sarili niyang kayamanan
alalahanin mong sasama rin ikaw
sa abó ng dukhâ na pinangalingan!

Ang nasabing Batis at sampo ng mina
likhang sadyâ mandin na itinalagá
ng Dios sa tao na linalang niya
upang makabuhay at makaginhawa.

At tangì sa ito'i pinagkalooban
ng biyayang dunong ang ibang isipan
ng upang tumuklas silá at dumulang
ng paraang madlang bukalan ng yaman.

Kaya't dahil dito ay may ibat ibang
na tuklas ng guintô salapi't bala na
may sa «industria't» sa «agrícultura» (1)
at sa sarisaring paraan ng «ciencia.» (2)

---

(1) Industria, ang sarisaring guinagauà ¡ng camay na pinakikinabangan ng lahat.

Agricultura, ang pagbubukid o panghahalaman.

(2) Ciencia ang ibatibang karunungan natutuklas ng tauo matiyang pag aaral.

Itó yaong «ciencia» na handóg at laan
sa tao ng dunong ng katalagahán
dito lumalayà, dito nabubuhay
ang Samahang-Lahì sa mundong ibabaw.

Nguni't sa singaw rin ng palalong mundó
mayroong samahang walang ibang tungo
kundî ang mangmangín sa bayan ang tao
ng upang makuha yaong yaman nitó.

Parang isang minang dî nagkailangan
ng mákina't ibang malaking puhunan
sukat na sa kahoy at pintura lamang
nabulíd sa kanya ang yaman ng bayan.

Aling bayang imbí ang dî maghahandóg
sa gayon, umanó'y patungkól sa Dios
nguni't ang panahón siyang nakatarók
na yao'y Sámahan ng pangbubusabos.

Sa pamamag-itan ng aral sa madlang
ang mga larawan ay mapaghimalâ
oh mundong bulaan! ¡mundong magdarayà
alibughâng mundong dinikdík ng sumpâ.

Iyán ang himalang sinumpâ ng Langit
ng kapanahunan ng Noventa y seis
nguni't dî naparam dahil sa tangkilik
sa bayan ng hindî lalaksâng kapatíd.

Nguni't anhin iyang mga katusuhang
patibóng ng tuso sa lahat ng mangmang
ang ating itulóy ay ang pasimulang
Pag-ibig na sabi, at yaong Balaráw.

Sa may dakong hulò na itaitaas
na dî nalalayô sa Batis ng Butlag
cawayan at kahoy at masinsing dawag.
sa lugar na yao'y siyang nagugubat.

Dito'y ang sino ma'y hindî makapasok
kung dî pangunahan ng maputing gulok
may banging malalim na katakot-takot
pag nagkabihira'y doon mahuhulog.

Diya'y walang hayop na tigre't hiena
kaparis sa mga gubat ng Africa
maliban sa mga hantík, ahas, sawá
at putakting gubat ang turing ng ibá.

Iya'y pawang hindî pinanganganiban
doon ng na ibig na tagá Bayanan
at tagá Balisong yaong karamihan
higit sa panahon ng katagarawan.

Sa gabing pag-ibig ang canilang sindák
ay nasa tigbalang o sa patianak
ito'y nasasabi niyong mga tamád
nguni't dî mabangit ng mga masipag.

Singaw nitong mundo na ang katamaran
ay kayakap-yakap ng kabulaanan
at kasama, sama niyong kaduagang
takot na hindî nga dapat catacutan.

Aayaw lumakad kung gabing madilím
malambót matulog maganit gumising
at ang ugalì pang karimarimarim
kung alin ang tamád siya ring takawin.

Sa dakong silangan ng nasabing gubat
may daang makipot sa batis ang bulwag
at sa tabi nito ay may nakapatas
na maraming batong kung tauagi'y sillar.

Sa ibabaw nito'i isang hating gabí
nakaupô mandin ang isáng lalaki
na taghoy ng taghoy at ang sinasabi
ay nakalalagim sa pusòng may dili.

Sinong tao yaong ang sigaw ng sakit
umaalingawngaw sa pampang ng Batis?
siya't dilì iba yaong si Dionis (1)
na tagá Bayanang kapus sa pag-ibig.

Bagong tao siyaug kabaka ng lumbay
dahil sa dalagang pinangasawahan
ngala'y si Amadang sa ganda at kinang
likha ng panahong simoy ng Bayanan.

Sa tinaghoy taghoy niyong si Dionis
nanglumó ang boong gubat at ang batis
¿aling pusò cayâ ang hindî sasakit
kung maulinigan ang ganitong tinig?

Aniya'y Amada na kinabuhusan
ng boong pag-irog at ng katauhan
¿bakit ka sumilang sa nayong bayanan
kung ikaw ay dî ko siyang kapalaran?

Kung ang naghahawak ng palad ng tao'y
may kaparaanang matuklas sa mundó
dinuláng ko sana't maisangunì ko
yaring pagdurusang nagmulâ sa iyó.

Ngunì, ¿sinong tao sa Sangsinukuban
ang nakatatarok sa palad nino man
walâ: at sa aking abang kapalaran
tanging si Amada ang nakaaalam.

Oo't ikaw lamaug Amada kong sintá
ang hilo ng buhay tibok ng hiningá
at dito sa aking hirap, sakit, dusa
dî makaaliw ang sa ibang gandá.

---

(1) Dionis mulâ sa ngalang Espiridion, bagong taong taga Bayanan.

Ay bakit sa ngayo'y iyong natitiis
ang pinapasan kong dî makayang sakit?
¿dî bagá totoo na iyong sinambit
sa Amá mong ako'i iyong iniibig?

Kayâ ang pag-asa sa iyo'y tumibay
sa pananalig kong ang isang magulang
ikalauang Bathalang dî dapat bigkasan
ng oo, sa wika't sa gawa'y aayaw.

Amada, ay bakit dî mo na linining
ang oo sa Ama'i oo pa sa akin
¿dî bagay ang oo'i timbreng ualang maliw
saksing pangpatibay sa suyuan natin?

Walâ akong asang ang gandá mo't dilág
ay dî titimbangan ng pagsintang tapát
¡oh gandá sa mundo na siyang madalás
lumalang ng mga sigalot bagabag!

¡Sayang yaong oong iyong itinuring
yaman ng pag-asa sa kasundo natin¡
kaya't dahil dito'i naguing matapatin
akó sa lahat na, na iyong ibigin.

¿Di akó ang iyong palaging casama
sa Batis ng Butlag ng paglalabada
ako'y nagtutugas at naggagatâ ka
ng gugong katapang ang ibang dalaga.

Ako rin ang iyong laguing kaalakbay
sa mga laguyon, sa pag-aani man
at kapag punô na ang iyong takayan
sa dalaua kong palad iyong iaalay.

¡Kay tamís ng gayong ating pagsasama
kung magunitâ ko, sa ngayon Amáda!
¡araw ng liwanag araw ng ligayang
pinapangulimlim ng iyong pagsintá!

Alalahanin mong naging paa't kamay
akó ng lahat mong kinamag-anakan
dahil sa pagganáp sa sadyang tipanan
araw na darating ating pagkakasál.

Anomang gamit mong mapuntang ibiguin
saan man naroo'y dinudulang ko rin
sa mahal mong palad ay inihahay n
lingkod palibhasà akong masunurin.

¿Naparam na bagá sa pusò mo't loob
Amada ng kitáng dalawa ay dumulog
sa piscal at dahil sa ating pag-irog
upang pagtibayin ng tayo'y manulos?

Nguni't dî tinangap tayo niyong piscal
sanhî sa walâ kang kasapatang gulang
na taning ng batás, oo't makakasal
kung pahintulutan ikaw ng magulang.

At ng itó naman ay magpahintulot
kung aro Amada't ayao kang sumunod
noon ang damdam ko sa aki'y bumuhos
ang lahat ng hirap nitong sangsinukob.

¿Anong naguing sanhî at biglâng naparam
ang naunang oong iyong binitiwan?
¿sino ang gumahís? ¿sino ang naglalang
kumatkat sa iyong batang kalooban?

¿Alin dilà yaong na pakabalawis
nanirà sa ating kasundung pag-ibig?
gumahís, yumurak, sa murà mong baít
ang gayo'y marapat sumpaín ng langít.

Dangan at mahigpit na bawal ng ley
yaong walang sukat na panghihigantí
ginawâ ko sana't ng huwag masabi
ng boong Bayanang ako'y dî lalaki.

Sakâ alang-alang sa Amadang ngalan
ang panghihigantí aking iniwasan
ang dî ko pagkilos sa pagayong bagay
ay tandang sa iyo'y aking pagmamahál.

Magunitâ mo rin Amada kong mutyâ
kung nasa lugód ka'y ako'y nasa luhà
¡ay Langit! ¡paano, paano pa kayâ!
hangan saan yaring hirap ko't dálitâ?

Halina Amada't yaring aking sakit
kadagdagan mo pa kung siya mong ibig
at sukdang ang boong dusang sangdaigdig
idagan sa aki'y aariing Langit.

¿Tunay na ngâ kayâ Amada kong giliw
na ang pagsintá mo'i walâ na sa akin?
halina at ngayon iyo ng bigkasin
at ng matapos na akó sa hilahil.

Kung sa mundo'y walang alibughang sintá
walâ ng lalangoy sa dagat ng dusa
nababatid kayâ ito ni Amada
ng pagka pa oo sa akin ng una.

Halina Amada't damahin ng habág
akó sa ibabaw nitong batong sillar
halina at ngayo'y ikaw ang maghawak
nitong balaraw kong puñal na matalas.

Hálina at ngayo'y biglang itarak mo
sa aba kong pusò na iyong linilo
kung sa iyong kamáy ay mamatay akó
bukás din sa akin yaong Paraiso.

Nguni't papaano kayang mariringig
ni Amada yaring taghoy ko't paghibik?
kung gayo'y bagaman, at hindî matuid
akó ang mag iwà sa sariling dibdib.

¿Dî kayâ sisihin akó ng Maykapal
kung gawin ko ngayon ang magpakamatáy?
sasalamatin din kung magkagayon man
pagka't si Amada ang naging dahilan.

¡Dakilang Bathalà! iyong patawarin
yaring si Dionis na dî naman taksíl
at natatarók mo ang aking hilahil
na dî na makayang sa puso'i kalungin.

Itong balaraw ko'y hindî kayâ sakbát
ay ng igawâ ko ng laban sa Batás
nguni't sa ganitong dî mabatang hirap
walâ ng paraan kung dî ang mautas.

Ng isasaksak na ang tangang balaraw
sa tapát ng pusòng dakong taguiliran
nagkataón namang doo'y sa daraan
si Luciong kanayong tubò ring Bayanan.

Kamáy ni Dionis biglang sinapupo
at yaong balaraw nakuha ni Lucio
kasabáy ang wikang ang dahil ay ano't
magpapakamatáy sa oras na itó?

¿Dî mo natatantong ang magpatiwakál
ay bawal ng Langit sa taong sino man?
at tangì sa rito isang kakulangan
ng lakás ng ating bayang minamahál.

Ang isang lalaking ang gawait isip
ay susog sa bagong simoy ng matuid
kahinahinayang kung yao'y maalís
sa bayanang laguì ng lumayà, ang nais.

Magpatiwakál man yaong libolibong
mamamayang lagìng pugapóg ang ulo
sa simoy na lumà, yao'y dî gasinong
maalís, sapagca't katulad ng damó.

Na nakaiinís sa punlâng halaman
na kusang dinilíg ng dugô ng bayan
itó yaong punlang "Libertad" ang ngalan
katutubong binhî ng lahìng alin man.

Sa pagka masíd ko sa iyó Dionis
isá ka sa bagong may malayang isip
ang kilos mo't gawa'y laguing nahihilig
sa sariling dangál nitong bayang ibig.

At dahilan dito'y pinanghinayangan
pinigil ang iyong pagpapatiwakál
kung sa mga lumà ikaw nabibilang
pababayaan ko't pasasalamatan.

At bakit may dugô itong iyong paá
dumadaloy manding aking nadadamá
¿dî yatà at sinong taong palamara
sumugat sa iyó? sabihing dalî na.

Upang kung may daan kita'y maiganti
sapagka't tungkulin ng pusong lalaki
kapag ang kapua'y tunay na ngang apí
dapat ipagtangól ang nagupong puri.

Tugón ni Dionis ay ualâ sino mang
sa abâ kong palad ay lumapastangan
at ang naguing dahil kayâ nasugatan
ay nalaba akó sa masamang daan.

Kayâ naparito akó ay umiguíb
at anim na bumbung ang aking balagwit
sa aking paghakbang paá ko'y naguipít
sa masamang daa't bigláng napilipit.

Dî nakapanaban ako'y napaluhod
nagasgás sa bató ang tuhod ko't lulód
ang anim kong bumbong pawang nangadurog
masdan mo't sa daán tubig ay umagos.

Iyang daang iyan na ang kasamaán
mahiguít sa samâ ng daang tulisán
kung ano at warì pinababayaan
ng mga pinunò sa nayon at bayan.

Ang sagót ni Lusio'y ang pagpapabayà
hindî sa kawalán ng pagkakalingà
sa atin ng Punò, kung hindî sa gawâ
ng ilang kabayang makulít na lubhâ.

Ito'y siyang sanhî at kadahilanan
kayâ dî magawâ ang sirang lansangan
may ilang guinoó na sumasalansang
supíl pa ng luma't simoy na datihan.

Mababawasan daw ang kanilang lupà
kung palalakaran ng pagpapagawâ
sa ganito'y ¿sino ang Pinunò kayang
hindî mangingilag sa pagka gambalà.

Tingnan mo't ang mga nayong Pakanluran
na ipinagauâ ng Pinunong bayan
walang nagmakulít na kahit sino mang
may arì ng lupang natabas ng daán.

Marahil kanilang na pag uunawà
sukdang mabawasan ang kanilang lupà
yao'y dî gasino; kung ikalalayà
ng lansangang hayag na daan ng madlâ.

Ito'y isáng tandang pinag kikilanlan
sa tinuturingang mga makabayan
kapag igagalíng niyong karamihan
dî nahihinayang si sariling gambang.

At dahilan dito'y ating masasabi
sa bayan at dito sa nayong Bayate (1)
ang ibig turingan ng aking sarili
tayo, kung Isda'y may halong butite.

(1) Ang Bayanan, ay Bayate, sa panahon ng castila.

Na nakalalaso't nakapipinsalà
sa ikagagaling na tungo ng madlâ
ang gang gayong budhî nakasasansalà
sa lakás ng punò, ay nagpapahinà.

Sagót ni Dionis, ang iyong sinaysay
ay walâ sa guhit niyong katuwiran
sapagka't kung ibig ng Pamahalaan
¿sinong nasasakop ang makasusuay?

Ang baya'y mayroong katutubong Leyeng
kapag kailangan ng taong marami
sino man sa atin dî makatatangui
ipagmamakulít ang aring sarili.

Tumugón si Luciong iya'y totoo ngâ
kung amerikano ang magpapagawâ
ng sirâng lansangan, nguni't kung kamukhâ
nariyán ang tapang ng ibang bungangà.

Masdan mo, at diyan sa daan ng Tren
ay walang mayarì na nakaaangil
kahima't ang lupà nila ay gayatin
ang pinakasaway ang tumingín tingín.

Kapag ang nag-utos Punong bayan lamang
sa pagpapagawâ ng sirang lansangan
matalaw na sabi diyan na lilitaw
ang wika'y "Mag-usap kahi at saan man."

Sa ganitong haguing ¿aling punò kayâ
ang dî mangingilag sa pagka gambalà
lalò sa panahong itó, ay naggalà
tanang Mananagól na mga balità.

Ang alin man dito'y pagsasangunian
ng may mga lupang malapit sa daan
pag ang natapatán hindî makabayan
pakaaasahan mo at magkakalaban.

Ipauunawà noon, ng mahigpít
ang gayo't ganitong suliraning Leyes
dito maghahanay ng mga matuwid
"favor" sa may lupang sa kanya'y lumapit.

Dito ang makulít loob ay sisiglá
at ang gugulin ay ihahandâ na
sa sangvarang lupà ang itatalagá
isang daang piso at hangang sa limá.

Salamat kung yaong mapagsangunian
ay tapát na puso't budhiñg mapagnilay
may lupang lumapit agad papasiahan
ng payong matuid at kapayapaan.

Dina dadaanin sa tinig ng Ley
ang makabuluhan niyang sinasabi
hindî magwiw ka ng «Ikaw ay apí»
tinitimbang niya ang lahing sarili.

Pagka't ang pag-ibig sa turing na bayan
ay pag-irog mandin sa nangamamayan
ang may pusong gayo'y madalás magdamdam
sa mga kadugô kapag nag-aaway.

Ay aywan sa mundo, at bihibihirang
matagpô ang gayong linaw ng akalà
pinatutunayan sa gawâ at wikà
yaong karunungang dangal na biyayà.

Tugon ni Dionis, salamat kung gayon
nguni't sa makulit kung walâng susukol
na Pinunong bayan, sa abâ ng nayong
pinamumugaran ng masamang Simoy.

Kaparis nga niyang tuhod ko'y nagasgas
ang anim kong bungbong nabasag na lahát
sa nangyaring itó, ¿sino ang marapat
na aking sisihin sa pagka pahamak?

Walang ibá kung dî ang Pinunong bayan
na nangagsihanap niyong katungkulan
¿ano't isusukò ang kapangyarihan
sa mga makulit magbigay ng daan?

Kung hindî makuha sa pakikiusap
¿bakit dî bayaran ng sa bayang pilak
at kung sa ganito'y hindî pa pumayag
magharì ang Ley ó bagsik ng Batás.

Mangyayari iyan, ang tugon ni Lucio
nguni't batid mo bang sa panahong itó
ang mga Pinuno'y aayaw mabuyó
kung sa kulít lamang ng ilang guinoó.

Ang minamatuid ng Pinunong bayan
ay kasalukuyang tayo'y minamasdán
niyong darakilang mabunying General
at dahil sa ating mithing kalayaan.

Kung sa daan lamang ang ipag-uusap
mawiwikang lubos ng nakikimatyág
na tayong tagalog hindî pa ngâ dapat
sa pamamahala't kasarinlang ganáp.

Ang mga makulít sa panahóng itó
higuít pa kung tunay na mg̃a guinoó
dapat mga hiyâ sa malayang tungo
ng bayan; sa mga makapal na tao.

Alin mang guinoó na tinutulungan
ang pagka guinoo'i dapat papurihan
isáng dalìng lupa'i dî sukat itimbang
sa taglay na dangal na bigay ng bayan.

Sa baya'y ang mg̃a nangagmamasakit
sa ikagagaling ng yutang kapatid
tandang maliuanag na dî umiibig
sa bayang, sa kanyâ ay nagtatangkilik.

Sagót ni Dionis, siya na nga iyang
mga sabi sabing Laya't kakulitan
¿anhin ko ang Layà, kung matutuluyang
si Amada'y ibá ang pakakasalán?

Ang para kong abang kinukulang palad
sa isáng dalagang saglít kung lumiyag
at naaapí pa ng sa bayang lakad
ang magpakamatay lamang ang marapat.

Aanhin ang búhay, aanhin ang puri
sa mundó, kung sirà ang aking pagkasi
doón kay Amadang bigláng nag eclipse
ang sikat ng kanyang naunang sinabi.

Magunitâ morin Amada kong búhay
yaríng bagabag ko dusa't kahirapan
ang una'y sa iyó mulâ ang dahilán
ikalaua'y sa siki't aping pamamayan.

Ang lakad ng baya'y kung aking malasin
ang muntî ay muntî, saan man dumating
at ang malalakí ay malalakí ring
palaguì sa duyo ng ligaya't galíng.

Sa mga kabansa'y ang pag papalagay
ng namiminuno'y anák manding tunay
dapua't sa hindî, ay gayon na lamang
busabos at apí sa lahat ng bagay.

Itó ang dahilang ik n w kawak
ng lansangan nating ngayo'y nagugubat
¡oh nayong Bayanan! ¡nayong sawing palad!
at dî nakavotos sa punong lumabás!

Pagnilay Dionis, ang kay Luciong saysay
nagkakamalî ka ng hakà mong iyán
sapagka't ang puno'y ang pagpapalagáy
sa kabansa't hindî pawàng pantáy-pantáy.

Kaya't sa ilalim ng utos o batás
ang kapangyarihan ay pinalalakad
walang tinatanging mababa't mataas
maguing sa guinhawa o kaya sa hirap.

Kung gayon, ka Lucio, tugón ni Dionis
hindî ka marunong tumingi't magmasíd
sapagka't ang lagay nating tagá bukid
kung sa tagá bayan malayong iparis.

Ang mga lansangan sa loob ng bayan
halos araw, gabí may nangaghuhusay
may mga ilaw pang nagkakaabutan
ang mga liwanag sabana at daan.

May basurero pang nag-aasikaso
ng lahat ng dumí, yaguít mga damó
may mga pulís pang biglang sasaklolo
sa munti't malaking nangyayaring guló.

May mga pozo pang sinadyang iguiban
pinagkagugulan ng yaman ng bayan
sa gugol na itó, tayo ay kadamay
datapua't hindî, sa pakikinabang.

Ang kasakit-sakit na labis iluhà
pag tagá bukid na ang siyang nagnasà
humingî sa punò ng gayong biyayà
may mga dahilang nakasasansalà.

Diyán na hihingî agád ng ambagan
magmulâ sa tatló hangang limáng daang
piso, at ang wikà ay kulang na kulang
sa panahong itó ang kaha ng bayan.

Sa loob ng baya'y hindî naman gayon
ang pozo'y nayari ng walang lingatong
na mga ambagan; kaya't ang ganito'y
pag-apí ng punò sa sakop na nayon.

¿Nasaan ang anyóng pagpaparis-paris
sa haráp ng Batás na iyong sinambít?
¿nahan ang timbangang likhâ ng matuid
sa nangamamayang malalaki't muntî?

Huwag na ka Lusiong sabihin sa akin
iyang kalayaang, Layang, kabilanin
oo't Layâ na ngâ silang nasa siping
ng Batás, at tayo'y kanilang alipin.

Tayo'y paparehong mga mamamayang
nagsisipagbayad niyong kabuwisan
nguni't sa biyayà na bunga ng bayan
ang nanga sa bukid halos dî haguisan.

Ng mga Pinunong magagandang palad
na halal, at dahil sa panghihikayat
sa nagsipaghalal, sakâ ng lumabás
ang naipangako'y hindî na gaganap.

Ikaw talumpatî ng dilang may pulót
hangang binibigkás nakalalamuyot
nguni't pag ang iyong nasà ay nasunod
sa pinangakuan ay nakalilimot.

Siyá na ka Lucio ang pagmamatuid
at kung sa akin di'y walang masasapit
at ang kalayaang iyong sinasambít
lumuág ang luag, maguipít ang guipít.

Itó ngâ ka Lucio ang catotohanang
aking namamasíd sa lakad ng bayan
nguni't ang sabi mong pagpapantay-pantay
sa haráp ng Batás ay kabulaanan.

Marahan Dionis, ang tugon ni Lucio,
warì dî mo tantong alin mang Gobiernong
na babad sa itim, dî mabibiglâ mong
paputiin agád sa matá ng tao.

At ang sinabi kong pagpapantáy-pantáy
ng muntí't malaking nagsisipamayan
kaganapan nitó ay sa hinay-hinay
at dî mangyayaring tupdin sa biglaán.
Paris ng halaman na mahahalagá
ang pinunlâ ngayon sakâ pa bubunga
pagdatíng ng araw na taning sa kanyá
ng hiwagang dunong ng naturaleza
Kayâ ngâ huwág kang lubhang magahulan
sa lakad ng bayang nasà mo'y matimbang
ang muntî't malakí, at pakaasahang
darating ang araw ng kapanahunan.
Tugón ni Dionis, iyan ay pangarap
at sa ating baya'y totoong maliwag
mangyari ang ganiyan, oo't magaganáp
pagputî ng uwák pag-itím ng tagák.
Tingnan mo't ang aking laguing namamasdan
sa dî isa't dalawang pinunò sa bayan
ang tungkulin nila'y guinagawâ lamang
saguisag ng puri ng kasarilinan.
Kung minsa'y baluti na sinasandata
sa mga kalabang bansâ-política
at madalás nama'y kinukutà nila
ng panghihigantí ng galit sa ibá.
At mayroon naman na ang katungkulan
pabayang daguitin niyong alang-alang
sa takot sa ibá, na ang kalakasa'y
bagwís ng kasikeng bikíg nitong bayan.
Itó ngâ ka Lucio'y pangalawang sakit
na dinaramdam ko, bukód sa pag-ibig
doon kay Amada na iyó nang batíd
na dî mapaparam sa sariling dibdib.

Ikaw na pag-ibig na kailan pa ma'y
bukalan ng sakit dalamhati't lumbáy
kung walang pag-ibig walâ namang bayang
dapat kilalanin ang taong sino man.
At kung itó sana ay nagugunitâ
ni Amadang salát sa munì at hakà
dî ko sasapitin ang lumuhâ-luhà
¡oh palad na sawî at napakaabâ!
Sa salitang ito'y sumagót si Lucio
aniya'y Dionis, matalastasan mo
na ang pamamayan sa panahong itó
ay pagtutungalî ng Lumà at Bago.
Ang namamasid mong mga kakulangán
ng puno'y simoy pa ng matandang asal
na mana sa Harìng ang sariling angkan
siyang binubuyà ng tabâ ng Bayan.
Nguni't sisikat din sa guilid ng mundó
iyang pamamayang simoy-makabago
na likhâ ng dunong ng Democrático
pamunuang timbang sa lahát ng tao.
Ang búhay ng baya'y tao ang katulad
nagmumulâ muna sa gawaing pahát
sa ganáp na gulang pag siya'y sumikat
ang katalinuha'y diyan mamamalas.
Diyan matutupad, diyan matatanghal
ang sinasabi kong Layang pamamayan
sa haráp ng Batás, nating kalahatan
maguing sa guinhawa, o sa kahirapan.
Katulad din namán ng iyong pag-irog
doón kay Amadang may damdaming musmos
sa salitang oo'y walang malay halos
batà palibhasang dî nakatatarók.

Nguni sa darating ang panahong bago
kasapatang gulang na likás ng tao
gulang na timbangang pagganap sa oo
ng may mga puri na alin ma't sino.

Kayâ sa loob mo'y huwag palaguiing
si Amada'y kusang sa iyo'y nagtaksíl
kung nagkagayon man, dî sa kanya dahil
kundî sa matandang kapós kung maglining.

Ganitó Dionis ang lagáy ng bayan
may mga matandang gawain at asal
na siyang masidhi't matinding caaway
ng minimithî mong bagong pamayanan.

Nguni't talastasing magpakailan ma'y
ang ugaling Luma'y dî nananagumpay
sa ugalìng Bago na ang kalakasa'y
likhâ ng panahóng dî sukat labanan.

Kayâ ang sino mang lumalaban dito
punò't hindî punò, na namamasíd mo
parang nagkukusang ang sariling ulo
ay ipinupukol sa buháy na bató.

Kung gayon ka Lucio, sagót ni Dionis
¿si Amada palá ay siyang kawangis
ng magpupunò pang ang dila'y matamís
at pag naguing punò'y sakâ pumapaít

Kapag nasa dulâ ng talumpatián
mabangong insienso ang suob sa bayan
at kapag nangyaring siya'y napahalal
ang inasamiong handóg ay nalilimutan.

Ang lahát ng itó'y aking nasusurì
ka Lucio at dahil sa dusa't pighating
laláng ni Amadang ikinalugaming
sa una'y pa oo't, sa hulí'y pahindî.

Kayâ sa ganitong binabatang hirap
kamatayan lamang ang hanap kong lunas
at kung magkagayo'y tapós na ang lahat
sa akin, sa baya't sa uring pagliyág.

Ang sagót ni Lucio Dionis pag husay
huwag mong nasain ang magpatiuakal
at bakâ sakaling may roon pang daan
dilág ni Amada'y iyong makakamtan.

Nangangakò akong hanga't may panahón
sa pangingibig mo akó ay tutulong
at bakâ sakaling ang samâ kahapon
pagbubuhatan na ng galíng sa ngayon.

Sagót ni Dionis marahan ka Lucio't
bakâ ang binigkás na pangangakò mo'y
para ng pangakò niyong kand dato
sa bayan, kapagka na hanap ng voto.

Sa ganiyang pangakò akó ay sawâ na't
tulad sa halamang hindî nagbubunga
ng galing sa bayan, at ang madalas pa'y
guipitín ang mga datihang guipít na.

Lalo't sa masid ko'y ang iyong palakad
sa pakikisama'y dalawang mukhang ganáp
magalang sa iyo sino mang kaharáp
at walang sariling matowid na hawak.

Dito kapagdaka'y tumugón si Lucio
aniya'y Dionis, dî bagá batid mo
na ang pamayanan ay parang pandango
sa tugtog ng Puno'y dapat kang tumono.

Tugón ni Dionis iya'y nararapat
kapagka ang tugtog ay ayon sa Batás
ngunì at pag hindî wikà kong matigás
anomang mangyari dî akó na payag.

Anó pa ka Lucio't ang mithî ko ngayon
magharì ang bagong singaw ng panahón,
tanang mamamayang tulóg sa kahapon
mga guisíng bagá ng sa ngayo'y simoy.

Oh simoy na bago na nananaliksik
sa bayan, sa nayon, sa gubat at yungib
nitong Filipinas, na bayang kong ibig
pagharian nawâ ng iyong waguiswis.

Lubhâ pa ang mga tulóg na isipan
isip ng marunong at isip ng mangmang
isip ng dalita't isip nang mayaman
sa simoy na bago, nawa'y magsigalang.

Sampô ni Amada'y kung mamalaguì
sa simoy na lumang matandang ugalì
dî ko kailangang siya ay mabawì
ng ibang nasintang aking katungalî.

Oo, at sapagka't bago ko mahalín
ang isang Amadang saglít kung gumiliw
ang bayan ko muna ang aadhikaing
mapukaw sa mga mithîng sarilinin.

Kung gayon Dionis, ang sagót ni Lucio
tayo na, umuwi't sa nayon tumungo
pagka't kung suriin tanang matuwid mo
hindî mananaíg ang katuwiran ko.

Anopa't kapuwâ lumakad na silá
ang nayong Bayanan siyang pinupuntá
hintáy Panulat ko't sagapin mo muna
ang simoy sa bundók na may sipong dalá.

## Pangalawang Pangkat

# ¿ANONG SIMOY ITO?

Ang simoy sa kabundukan
siyang madalás pagmulán
niyóng mga uláng ligaw
pangpalusog sa halaman.
Nguni't ang simoy sa bundok
pagsingaw ng mga loob
at isip na matatayog
yao'y simoy pangbusabos.

Ng naglalakad na si Dionis ni Lucio
sa nayong Bayanan doon patutungo
sa hulihan nila'y may namating tao
na isáng matandâ na uubó-ubó.
Nanunungkod itó, saká may bitbit pa
isdang mayamayang timbang tatlong libra
manang sa kay Luciong malingonan siyá
kahiman at gab'i agád nakilala
¡Abá tío Amboy¡ ¿anó ang dahilan
naglalakad kayo'y gabing kadiliman
sagót ng matandâ yaring paglalakbay
sa inyó ang tungo't ang nasa'y dadalaw.

Kumustá na bagá ang búhay mo Lucio
sampô ng familiang asawa't anák mo
tugón ng tinanong mabuti pô tío
sa awâ ng Dios Amang masaklolo.

Sa anyô ni Lucio at pananalitâ
namamasíd manding may malaking tuwâ
sinusuliap suliáp ang mapuláng isdâ
dadalhín sa kanyá ng tiong matandâ.

Kaugalian na ninyóng taga bundók
kapagka dadalaw sa katoto't hinlóg
nagdadalá silá ng anomang handóg
sukat ikatuwang pangpaamong loob.

Gayon, itong Mundó, at ang dinadalaw
kahit may ugaling kuripot na asal
kapag ang nadating may handóg o alay
pagdaka'y na bait at bukás ang kabán.

Marahil ganitó ang anyô ni Lucio
ng kanyang batiin ang matandang tío
malambing na sabi ang itinotono
dahilan sa isdang handóg na "regalo."

Si matandang Amboy ay tagá Sinunog
pook kanluraning maburól at bundók
mahal-gang bagay yaong paglalagós
sa nayong Bayanang pithayà ng loob.

Siya't si Dionis niyayang tumungo
isinamang muwî sa bahay ni Lucio
ng dumating doon ang tatlo katao
nangagpanayám na ng gayo't ganitó.

Asawa ni Lucio ay naglutò naman
sakâ pinakain ang tatlong dumatál
kahì man at gabí sila'y pinawisan
sa haráp ng isdâ na kinamatisan.

Ng makakain na ang tatló katao
wikà ng matandâ, Lucio ay dinguin mo
may sadyang malakí ang ipinarito
sa nayong Bayanan na tinubuan ko.

Ang nasà ko ngayo'y aking lisanin na
ang nayong Sinunog, at dito mátirá
ani Lucio'y ¿anó ang dahilán baga't
nanibagong kayó ay nababalisa?

Ani tandang Amboy, aywan, kung batíd mo
yaong panukalà ng ilang guinoo
na ang mga nayon sa kanlurang dako
tatagan ng isang bagong Municipio.

Magmulâ sa nayon ng Santa María
Manalupang, Loklok, Colvo't Baguilawa
ang Magalanggalang at ang Mainaga
Anilaw at Solo, at Bagalangit pa.

Sampô ng Nag-ibá at ang Malimatok
Saguing at Talagang magkaratig pook
at Pulông-Anahaw, itó ang Sinunog
nayon naming abang ibig ding masakop.

Gayon din ang nayon ng Balibagohan
karugtong na pook ng Pulong Niugan
dito itatayô, umanó, ang bayan
ayon sa kasundô ng guinoong ilán.

At sampô ng mga iba't ibang pook (1)
sa Pulô ng Pasal ibig daw masakop
itó ang balità at simoy sa bundók
linikhâ ng mga pahám na fundador.

(1) Natatag ang Municipiong sinasabi ni matandang Amboy noong taóng 1917 at ngayo'y ayon sa balita ay mapapahiwaláy ang anim na nayong sakóp ng Pulô ng Pasal, sanhi sa mga kaguipitang sinasabi ng kasaysayang itó, nginalanang "Mbini" ang Municipiong yaón.

Ang sagót ni Lucio kay matandang Amboy
salamat pô tío, kung magkakagayon
at isang paraan ng ikasusulong
ng kaguinhawahan ninyong tagaroon.

Málalapít kayó sa lahat ng bagay
kapag natayô na yaong bagong bayan
anopa't ang balang kinakailangan
dî na lubhâ ninyong pagkakapaguran.

Lalò na't may batás ngayong umiiral
na kapag may dalawang libong mananahán
sa alin mang dako'y mapagtatayuan
ng inaakalang sariling bayan.

Dito si Dionis tumugón pagdaka
aniya'y ka Lucio, magmunî munì ka
hindî bawa't batás ay nararapat nang
saligan ng mĝa tunĝong mahalagá.

Ang alin mang batás kinakailangang
maangkop sa lupà at sa mananahán
sapagka't ang lupa'i tanĝing bumubuhay
sa batás, at taong nagsisipamayan.

Sa guitnâ sg lupang hindî nagbubunga
ng sapát sa mga taong naninirá
¿paanong paraan na makakakayang
tumupád sa mga batás na lahat na?

Oo, at sa mga nayong pakanluran
sa dami ng tao ay may kasapatang
pagtayuang sadyâ niyong bagong-bayan
datapua't kulang sa ikabubuhay.

Dahilan sa lupang batoha't makitid
bagbagui't bungkalin ng mangagbubukíd
dî na maanihan ng sapát sa pawis
at pagod ng mga matiyagang bisig.

Diya'y ang maraming nagsisipanahán
nangagsisilipat sa malayong bayan
sa Pulong-Mindoro't doon sa Tayabas
ang ikabubuhay siyang hinahanap.

Sa pagdadalitâ ng nanganganahan
sa mga pooking babanganang bayan
kaguipitang ito'y ¿namamasíd kayang
limihin ng mga may kapakanan?

¿Nahahabág kayâ sila't nalulunos
sa dî libong dukhâ na mabubusabos
ng mga ambagan, hangang sa maayos
ang bayang kanilang minimithing lubós?

Dionis, Dionis ang tugón ni Lucio
¿baquit, anong dahil, ng sinasabi mo
na mabubusabos ang maraming tao
sa bayang gagawing bagong municipio?

¿Dî bagá matwid na kabuwan
ng tao saan mang nayo't kabayanan
mangagtulong-tulong sa anomang bagay
maguing sa guinhawa o sa kahirapan.

Kagalingan mandin nilang para-para
kapagka ang bayan doo'y natatag na
diyan tatanghaín, diyan makikita
yaong kakayahán at pagkakaisá.

Manalig Dionis, sa sinasabi ko
sabing Diplomacia ng Democrático
ang pagkakaisang tulungan ng tao
haligui saan mang dako nitong mundó.

Sagót ni Dionis, iyan ngâ ay tunay
haligui ng lahì ang pagtutulungán
nguni at matuwid, na, iukol naman
ang tulong sa lalong marapat na bagay.

Ang tulungang itó ay bago bangunin
ang lupa't ang tao'y dapat siyasatin
kung sapat sa kaya'y ituloy yariin
ang anomang bagay na minamagalíng.

Tingnan mo ka Lucio, at ang mangyayari
sa gagawing bayan, sa araw na hulí
ang libong mahihirap madodohagui
madudukhang lubhâ ang dating pulubi.

Ang pusò at dalawang mababawas sa buhay
ng isáng mahirap sa pag aambagan
para mong siniíl yaong lalamunan
ng asawa't anák niyang minamahál.

Saan ik kapit ang sinasabi mong
wikang Diplomacia ng Democrático (1)
kayâ kararahan ikaw ngâ ka Lucio
diyán kay ka Amboy ng pagpapayo mo.

Dinalhán ka niya ng matabang isdâ
dahil sa ang mithî ay mapag-unawà
ang marapat gawin, sakâ biglang-biglang
payuhan mo siya ng malîng akalà.

Ang gustó ko sana'y sino mang natangap
ng biyayang handóg, matutong gumanáp
ng ibayong gantí; at ito ang dapat
sa taong may puring taglay ang «dignidad» (2)

Aywan, kung bakit may kaugaliang
kung pag-iisipin ko ay kasuklám-suklám
ang taong mahirap siyang karaniwang
nangag «reregalo» sa taong mayaman.

(1) Diplomacia karunungang pagkakilala sa kalagayan at interesés ng mga tao sa alin mang potencias, bayan, o kaharian. Democratico ang sinomang marunong na mamayang tapat ang asál at gawain.

(2) Dignidad catapatan

Ang Democracia (1) mo'y doon nabihilig
ka Luis sa walang paglingon sa guipít
balát kayong anyong siyang nanaig
sa ulo ng mga taong makikisíg

Warì dî mo batid na ang katibayan
ng baya't alin mang mga kapisanan
ay nasa maraming mahirap ang buhay
at walâ sa mga duro't na mayaman.

Kayâ nga't kung tunay na Democrático
ang nangagbabantay na mga guinoó
mag-ambagan silá ng manglibong pisong
dollar, sa gagawing bagong municipio.

Ang balang mahirap huwag gambalain
sa ambaga't ibang kakasangkapanin
Diplomacia itong kung sa ganang akin
dî ikahihiyâ, sa Langit man dalhin.

At kung mayarì na yaong bagong bayan
sa gugol ng mga nangagsipagbanhay
matutulad naman sa isáng halaman
ang magsisidilíg ang dukhang makapál.

Dî tubig ng dagat, dî tubig ng batis
ang sa bagong baya'y kusang ididilíg
kung hindî ang tulò ng kanilang pawis
buwís sa lahát na, na tinatangkilik.

Itó ang gustó kong pagtutulong-tulong
na akmâ sa bagong simoy ng panahón
na ang malalakás ang siyang magbangon
at ang mahihina'y sukuban ng lilom.

---

(1) Democracia, pamahalaang bayan sa bayan.

Itó pa ka Amboy ang sa akalà ko
tuntong sa landasin ng Democrático
kung dî matutulan ang ilang guinoong
magtayô ng laya't bagong municipio.

Si matandang Amboy biglang napaomis
sa mga sinabi niyong si Dionis
aniya'y oh Lucio, iyan ang matuwid
na minimithî kong matagpô ng isip.

Ang sagót ni Lucio ay walang paraang
matutulóy iyang hinahakang bayan
kung sa bagong simoy doon ibabatay
at dî magagawâ ng nangagbabanhay.

Kayâ ngâ Dionis, huwag mong piliting
ang ugaling luma'y biglang babaguhin
magagayon bagay hindî naman uling
na kapagkaraka'y dagling papahirin.

Nasasayod ko ri't dating nalalaman
ang sinasaysay mong pangangatuwiran
nguni't dî sa tao ngayon nababagay
kung hindî sa huling tao pang lilitaw.

Ang kaugalian ng sino mang tao
maguinoo't hindî, katulad ng batóng
buháy, na, kahi ma't ipaghaguisan mo
dî karaká-raka na mapipiraso.

Kayâ dî himalang ang gagawing bayan
mayarì ng ayon sa kaugalian
na ang mahihirap ang nasasahulán
sa gugol at ibang kinakailangan.

Dito si Dionis pagdaka'y tumugón
kasawiang iya'y iyo palang tarol
¿bakit ang payo mo dito kay ka Amboy
mabuting ang bayan, doon, ay mátulóy?

Ikaw ay katulad niyong abogadong
batíd na ang usap ay tunay nang talo
ngunì sa ugaling pagbabalát-kayô
ay sasabihin ding yao'y mananalo.

Ang ugaling iyang hindî pagtatapat
ng matatalino sa kinakaharap
marami sa mangmang ang napapahamak
dati mang may kaya'y biglang nasasalát.

Batid mo ka Luciong sa bulubundukin
ang tao ay halos pawang masunurin
pagkít ang katulad biluguì't habain
niyong malalakás walang tutol iling.

Ang pinakasuway nilang guinagawâ
ay iwan ang sarili pasa ibang lupà
para ni ka Amboy na kayâ nagsadyâ
dito, ay sa takot sa gayong akalà.

Si matandang Amboy marahang sumagót
yaring paglipat ko'y dî naman sa takot
kundî ayaw ko nang sasamâ ang loob
sa akin ng mga guinoong fundador.

Ka Amboy ang tugón naman ni Dionis
¿ano't natatakot kayo't manganganib
sa haráp nino man ng pagmamatuwid
sa bagay na inyong nasàng itankilik?

Ang sino mang tao ay may karapatang
magsaysay ng kanyang kinakatuwiran
dapua't marapat na ang paghahanay
ng gayo'y daanin sa lamíg at husay.

At sa mapayapang mga pagbibigkás
mahinahong wikà at maliliwanag
kapag ang pagtutol dinaan sa dahás
na bunga ng hindî bagay na marapat.

Sapagka't ang tao'y kanikaniyang hugis
ng ugali't asal, at dî singpaparis
pag ang natutula'y may pusòng mainit
nasusubhan naman ng wikàng malamíg.

Ang sagót ni Lucio'y masasayang lamang
Dionis ang iyong mga pagsasaysay
dî sinabi ko nang ang kaugaliang
matanda'y katulad niyong batóng buháy.

Oo t mangyayaring iyong mapalakól
ang sangá ng mga santol na mayabong
nguni't tandaan mong pag ito'y sumuloy
ang isusupling santol din at santol.

Ngunì at sa bisà na isinisigaw
ng sa iba't ibang pagsikat ng araw
mga mamatáy rin ang kahoy na iyán
ibá namang kahoy ang siyang lilitaw.

Itó yaong kahoy na hinahanap mo
na pagdadamdaman sa bayan ng tao
diyán din lilitaw ang mga guinoong
ang gawai'y tunay na democrático.

Marahil diyan din simulang sisilang
ang bagong palakad sa paghahalalan
ang Corona'y siyang hahanap na tunay
sa ulong may palad na cocoronahan.

Nguni t kung sa ngayo'y huwag mong piliting
ang may mga kaya'y magmamalingapin
sa mga mahirap pagka't tayo'y guisíng
sa ugaling lumà na pangangalipin.

Tingnan mo sa mga nayong pakanluran
magpahanga ngayon ay pinag-aagaw
yaong pagpupunò ng tungkol Consejal
udiok niyong lumà na kaugalian.

Ang ugaling itó ay iyó nang tarol
kawangis ng mga kahoy na mayabong
nauunsayamin ang mumunting kahoy
sa sakop ng kanyang masansang na lilom.

Si matandang Amboy sumagót pagdaca
iyan ang kutób kong ipinangangambá
sa ugaling dati't ako'y isangag pa
sayang yaring ubang may nadanasan na.

Kayâ nga't ng upang ako'y makaiwas
dito sa Bayanan nasà ko'y lumipat
at ng maligtás na sa madlang bagabag
sungit ng ambagang sa amin ay hampás.

Pagka't hinahakà niyaring kalooban
bago maitayô yaong mithing bayan
ang limangpuong libong piso'y magkukulang
sa mahahalagang pagkakagugulan.

Ang limâng hectareang lupa'y dapat bilhin
Municipio't. Escol, diyan babangunin
sampô ng Simbahan pilit yayariin
ayon sa balitang hayág at dî lihim.

Gayón ang Líbingan o ang Cementerio
pahingahang hulí ng hiráp na tao
iya't ang Simbahan ayon sa dingig ko
kapag natatag na'y ipagreregalo.

Sa kapangyarihan niyong mga banál
lahì ng umusig sa Bayaning Rizal
ito'y siyang haguing niyong alingawngaw
asngaw niyong lumà na kaugalian.

Para ng guinawâ niyong mga pantás
"fundador" ng bayang ngala'y Alitagtag
ng yaong Simbahan nila'y maitatag
sa kapangyarihan ng banal nalagak.

Nguni't ang Libingan hindî napadamay
napagwarì yatang isang kamangmangán
kung gawin ang gayon, at kapinsalaan
ng maraming dukhang nagsisipamayan.

Sakâ napagkurong nabungô ng ulo
ng mga fundador doong maguinoo
na ang bayang walang kanyang Cementerio'y
tandang alipin pa ng banal na dayo.

Dito si Dionis marahang tumugón
sa sabing binigkás ni matandang Amboy
aniya, ay iyan ang tangì kong tukoy
magharì ang bagong simoy ng panahón.

Maunawà bagá ng nangamamayan
higuit ng may tungkol at kapangyarihan
Batás ng Códigong ang bawà at baya'y
magtayô ng kanyang sariling Libingan.

Ito'y parang aral na turò ng Ley
akmâ sa damdamin na Pagsasarilí
na dî matutuhan ng punong ang puri
kilik hangang ngayon ng dayuhang-padre.

Aní tandang Amboy, ang aking isa pang
naguguniguning ipinangangambá
sa Pulong-niugan, kung magkabayan na
¿sinong mamimilí ng aming panindá?

Kamates, patola, tabayag at talóng
saguing, kalabasa at hinóg na santól
ampalaya, at sili, pipino at milón
may kamuting baguing at kamuting kahoy.

Anhin ko ang baboy, itlóg mga manók
kalabaw at baka at ibá pang hayop
pagka't karaniwang iya'y sinusuot
niyong mamimiling bihasá sa bundók.

Sinamáy, dinugtóng, kulantro't mustasa
sintonis at kahíl at ibá pang bunga
sinong mamimiling hangál kayâ bagá
sa malayong bundók kusang sasalunga?
Ang lahát ng iyang mga bagay-bagay
saan pipilakin kung hindî sa Bawáng?
Bawáng na, kung aming kusang hiwalayán
kaming humiwaláy mapipinsalaan.
Sa gagaling galing kaming tagá bundók
matatahimik na't mahimbing ang tulog
sa duyan ng Bawáng, nguni't tinitilog
ng mga guinoong isip matatayog.
Dito si Dionis tumugong marahan
aniya ay inyong parang paunlakán
ang mga guinoong sabík na magbayan
sa tigáng na nayon ng pulong niugan.
Ipagpasubaling bilang bigáy loob
sa mga dakilang ginoong fundador
kung sa lakás nila'y doon mapapasok
ang tren ng mga dî natin kahinlóg.
At kung magkagayo'y sakâ na banganan
ng bayang makisig ang pulong niugan
at ng upa namang maguing liwaliwan
niyong malalaking magagarang buhay.
Sampô pa ng mga magkakandidato
sa pagsesenador, pagdidiputado
paggogobernador, at iba pang cargo.
na sama sa lakás ng papel de bangko.
Ang paraang itong aking nababanguit
ikinalilinkag halos niyaring dibdib
ang pakiramdam ko,y ako'y iniinís
pinagdadaupan ng Lupà at Langit.

Tinugón ni Lucio't kay Dionis nagsaysay
ano't isasakit niyang kalooban
dî naman pilak mo't dî mo naman gambang
ang gugol sa gayon, nilang linulubnaw.

Dito si Dionis sumagót pagdaka
ka Lucio, ay iyong nababatíd bagá?
ang dinaramdam ko sa pag-aaksayá
niyong may salapîng may kandidatura.

Dî mo namamasíd na sa ating bayan
marami ang ulo na may karapatán
sa pamiminunò, nguni't dî mahalal
dahilán sa walang inimpók na yaman.

Kung mamalaguì iyang maling lakad
na ang mahahalal sino mang mapilak
ang may mga dunong na sa ngayo'y salát
sa bayang sarili ¡ay kahabág-habág!

¿Hindî bagá itó ay pag-aping tunay
sa abang kalahì ng busóg sa yaman?
¿dî ba sa panahón niyong himagsikan
ang mayama'y tago't dukhâ ang nalaban?

Kaapihang ito'y doon nagbubuhat
sa mga votanteng ang ulo ay hungkág
sabík sa pabuyà at uhaw sa alak
laláng ng salapî na mapanghikayat.

¿Dî kayâ ganitó ang kasasapitan
kung maguing bayan na ang Pulong-niugan
na ang malalakás at may mga yaman
siyang palaguì ng punong mahahalal?

Oo't dî malayong itó ang mangyari
pagka't binalangkás sa ugaling dati
kawikaan na ngang dî maitatanguí
kung anong hinasik siyang maaani.

Kung gayon din lamang ang kasasapitan
ay bakit pa namən silá magbabayan
mahanga'y huwag na't susumpain lamang
silá ng inanák sa lupang ibabaw.

Kapagka ang hirap hindî na mabatá
sa higpít ng utos o ng ordenanza
bundók ng Sinunog hahamungin nilang
magunaw at biglang matabunan silá.

Mangagnilay kayó mga tagá bundók
pag nailurâ na'y dî na mahihimod
gunitain ninyong kayo'y magagapos
niyong bagong bayan at bago ring utos.

Akalain ninyo na hindî lalampás
sa limá katao ang mga bubundát
sa pawis ng bayan, at mangyayayát
kayong libo libong dukhâ at mahirap.

Sumagót si Luciong: siya na Dionis
ang pagpapayo mo na napakalabis
sa kay tío Amboy, at ang isaisip
ang sa kay Amadang iyong pangingibig.

Tugón ni Dionis, at bakit ka Lucio
lalabis ang mga mahalagang payo
¿dî bagá tungkulin na may lamang ulo
turuan ang wala't ng upang matuto?

Ilinalagay kong pag-ibig na tunay
sa sariling lahing ang baya'y turuan
ng ikatutuklas ng kabihasahang
landasin at pintô ng Kasarilinan.

Bawa't karapatan ng tao at urì
matuid ka Lucio na siyang mapilì
sa paghahalala't huwag ang maghari
karapatan lamang niyong masalapî.

Simoy na maulap warì ko ka Lucio
yaong nag aanyô na Democrático
dapua't ang supling sa bayan at buko
masaklap na bunga niyong kasiquismo.
Oo, at kasiqueng higuit pa sa harì
yaong gumagawang, ang maraming budhî
ng mga votante, bidbirin ng talì
ng saganà niyang hilo ng̃ salapî.
May nagsasalitâ na tayo'y wala na.
sa inuugalì niyong Monarquía
oo at walâ; nguni't tayo'y dalá
ng kapangyarihan ng putós ang bulsá.
Kayâ sa pangakong iyong tinuringan
sa pangingibig ko ikaw ay dadamay
doon kay Amada'y ipinalalagay
sa akin, ay iyong politika lamang.
Dapua't huag ding matulad ka Lucio
ikaw sa mayamang nagkakandidato
hangang naghahanáp ng maraming voto
sikig sa pangakò iyang iyong ulo.
At pag naguing puno'y dî na ala-alang
tulungan sa hirap akó kay Amada
ang ugaling ito'y bihisin mo sana't
halinhan ng bagong makaguiguinhawa.
Dito na napatid yaong salitaan
ng tatlo kataong nangagkapanayam
tiguil panulat ko't ang iyong isaysay
yaong kay Amadang bahagui ng buhay.

## Pañgatlong pangkat

# ¿SINO SI AMADA?

### ANG DALAGANG KULAHG SA EDAD

**Na bagong bukáng bulaklak**
**pagtanuran ng̃ pipitás**
**at baka pag nakabukád**
**manakaw at mailayas.**

Sa dakong hilagà ng nayong Bayanan
malapit sa tabí ng malakíng agbang
sa isang loobang may tirik na bahay
si Oroy ni Perta doon tumatanán.

Ang bahay na yaon ay libót ng bakod
sarî-sarìng taním ang nasa sa loob
sintoris, at kahíl kakaw at may niog
may atis kastilà, at atis tagalog.

Dito ay ang mga hanging paláy-paláy
malamíg ang simoy kahima't tag-araw
dahil sa sariwang dahon ng halaman
na nakalilibot sa pawid na bahay.

Mag-asawang yaong nagkasundong loob
namunga ang mga pinunlang pag-irog
si Aka ang una't dito'i ang sumunód
yaong si Amadang sa Bayana'y bantóg.

Ng ang gulang nito'y lilimáng taón pa
namatáy si Pertang nag-andukang Iná
dî naman nalao't agád nabalisa
(1) ang balong si Oroy sa pag-aasawa.

Sa gabing pagtulog ay napapangarap
yaong unang layaw kay Perta'y nalasáp
ibig pagbalika't siyang hinahanap
sa ibang babayi na maguiguing palad.

Itó ang naghari sa loob ni Oroy
kaya't nalimutan ang kanyang paglingón
sa dalawang anák; napakasál tulóy
doon kay Segundang tunay na kanayon.

Dito na nalubós ang pangungulila
niyong magkapatíd na Aka't Amada
patáy ang kanilang nag-andukang Iná
at ang amáng buháy ay nag-asawa pa.

At dahilan dito'y dî na magaganáp
ni Oroy ang kanyang datihang paglingap
sa anák na dalawá, pagka't malalagak
ang boong pagtingín sa asawang liyag.

Ito'y siya manding ipinangangambang
nadidilí-dili ng dalawang ulila
anila'y ¿paano ang pakikisama
sa isang babaying dî tunay na Iná.

---

(1) Balo, anáng mĝa tagá lalawigan, Bao sa iba't ibang dako nĝ Kapuluan.

Sa mga ulila'y itó ang mabigát
higuít kung sa gulang dî pa mga ganap
pag ang iniiná ang ulo'y matigás
at kabilanin pa'y nariyan ang hirap.

Salamat kung yaong naguing pangalawang
asawa ni Oroy, tunay na dalaga
pagka't may dalagang sa sabi ng ibá
sa pag-aasawa'i may anák na dalá.

Ang nag-aasawa na may dalang anák
babayi't lalaki sakdalan ng hirap
ang naguiguing buhay, ang nakakatulad
yaong sinisigua't binabagyong dagat.

Ang bagay ito'y upang maiwasan
si Aka't Amada ay ipinagpisan
ni matantang Hustong tunay na bianan
ni Oroy sa unang asawang namatáy.

Anó pa, at silang dalawang magkapatíd
nangagsilalaki ng buhay tahimi k
(1) Lelong palibhasà ang nagtatangkilik
higuít sa magulang ang pagtatangkilik.

May nagsasalitang ang tingin ng mama'y
sa lahat ng apó ay anák ding tunay
kayâ mapapalad ang mga ulilang
buháy pa sa mundó ang mamay at nanay.

Sa hinabâ-habang panahong lumakad
ang bagay ng dalawang huwad sa bulaklak
nahulí si Aká ng pamumukadkad
bunsong si Amada ang humalimuyak.

---

(1) Lelong sa iba't ibáng dako, mamay anáng mga tagá lalawigang Batangan.

Aywa't sa baya'y madalás mamasíd
sa sino-sino mang mangagkakapatíd
dalaga't binatà, kung minsa'y mahilig
ang hulí sa una, ng pagmamakisíg.

Palibhasa'y mundo'y ang nagmamagarang
dalaga'y tumpahang agad ng binatà
dito, si Amada, nabulid ang nasà
kung kayâ, nahulí, sa turing si Aká

Bagama't náhulí ito, ay naukol
sapagka't may Fabiang gawad ng panahon
na nangingibig ng may isá ng taón
ay awan, kung sila'y may lihim na pulong.

Sa pusò ni Fabian ay parang bituin
yaong sa kay Akang kilos na mahinhin
bagaman at ito, ay hindî mahinguil
sa polvo't sa dalás na pananalamin.

Kilos ng dalaga'y pag walâ sa sukat
sa gawai't asal, sampong sa paggayak
kung minsa'y natandâ at pag kulang palad
pinanawaan ng nagsisiliyag.

Sa mundo'y ualâ na kahambal-hambal
kaparis ng isáng Dalaga'y lipasan
niyong mangingibig, at sa katandaan
pagsisisi niya, ay gayon na lamang.

Kung ibig manglomó ang alin mang dibdib
ay pag nakatagpong lihim na tatangis
ang isáng dalagang walang makaibig
sa alin mang dako nitong sangdaigdig.

Ating pagbalikan yaong si Amadang
ngipi'y pantáy-pantáy may labing mapulá
malantík ang pilík, at ang kilay niya
guinuhit ng pincel ang makakapara.

Ang tabas ng mukha'y bilóg at maburok
puting kayumanguí ang nakaaayos
bagama't ang ilóng dî lubhang matangos
ngûni't nababagay sa malagong buhók

Sa sakong ng paá at mga galamay
naaalinag-nag ang dugong malinaw
bintî'y mapuputî, at itó, ang unang
panirà ng isip ng kabinataan.

Gandá ng babai'y matulis na tunod
niyong kasabihang kay Cupidong busog
sa pusò ninoman pag siyang tumaós
pag-ibig na laguì ang itinitibók.

Iyan ang Amadang noong isáng araw
sa loob ng Templo ay nagkukumpisál
kinurót sa bisig ng kamáy na kanan
ng Padre-Confesor na binubulungán.

Ikaw kagandahang panirà ng loob
puno't ugát, ikaw ng madlang sigalót
at sampu ng mga kawanì ng Dios
nangabibighaning sa iyo'y umirog.

Ikaw, ngâ, ang siyang sa sumpa'y pangwasák
ng may mga anyong "Voto de castidad" (1)
na kailan pa ma'y hindî nagaganáp
kapag magandá na ang nakakaharáp.

Ikaw ¡oh pag-ibig! ang siyang bulakalan
sa mundo ng madlang kasinungalingan
niyong mga taong mapagpaimbabaw
may anyong talikód, kung sa kagandahan.

---

(1) Voto de Castidad tungod sa mga lalaking ayaw mag-asawa dahil sa tungkulin nila.

Baog, sa hayagan, ng ligáw na tingín
nguni't sa masurì, may anák sa lihim
loh budhing bulaan! Ibudhing ang anyuin
ay laban sa Batás niyang likás natin!
Oo't katutubong linikhâ ang taong
dumami't mamunga sa balát ng mundó
ay aywan, kung bakit, sa bagay na ito'y
marami ang mga nagbabalát-kayô.
Mga dinadaan sa Teologíang
Doctrinang kalaban ng naturaleza
nguni't anhín itong simoy na kaibá
ang ating sagapin samió ni Amada.
Iyan ang Amada na itinatangis
sa Batis ng Butlag niyong si Dionis
salamat kay Lucio't biglang natangkilik
yaong kamatayang sana'y masasapit.
Amadang naggawad ng dî kusang oo
warì, kay Dionis ng una pang dako
sampu ng magulang niya ay nalitó
sa dî pagkatulóy ng naguing tarato.
Si baog na Anday diyan nga nagbatáng
paroo't paritong salubbit ang saya
at kung kayâ gayo'y maguing Lider siyá
ni Dionis ng araw na pangangasawa.
Walóng buwang singkád mandin si Dionis
lingkód ni Amada sampu ng kapatíd
mga tio't mama'y hinlóg na malapit
sinusuyò niya't dahil sa pag-ibig.
Iyan ang Amadang ikinagugulό
ng pusò ni Pinong at ni Feliciano
aywan, kung bakit sa panahong ito'y
ang nangangasawa'y yaong si Toribio.

Itó ang may sumpâ na hangang dalaga
ang Amadang iya'y susuyuin niya
ang puyat at pagod hindî alintana
akay palibhasà ng dakilang gandá.

Oo't si Toribio ay kasalukuyang
nasa lilim niyong Simoy ng Bayanan,
si Sano't si Pinong nama'y nag-aabang
sa biglang pagdating niyong kapalaran.

Nguni't si Dionis ay ang iniisip
at pinapasiya ng sariling baít
sa naglahò niyang naunang pag-ibig
ay muling sisilang pagtuntong sa guhit.

Anopa't ang lagay ngayon ni Amada'y
huwad sa kay Cristong damít na túnika
pinagsusugalan ng may mga sintá't
kandungin nino mang may palad sa kanya.

Kaya't ang naisip ni matandang Justo
doon sa Maynilà siya ay tumungo
dalhin si Amada't ipakasal itó
sa ikalawang pinsan ngala'y si Lorenzo.

Ito'y bagong taong doo'y nag-aaral
at limang taón ng walâ sa Bayanan
aywan, kung ano't may Delcampo namang
kay matandang Justo'y nagkusang sumaway.

Ka (1) Justo ang wikà niyong si Delcampo
dî katakatakang lumapit sa damó
ang kabayong gutóm, nguni't kapag dito
ang damo'y lumapit, ¡kay halay sa tao!

---

(1) Ka ó kaka katutubong paggalang sa bata at matanda

Isá pa ka Justo'y may kaugaliang
nalakad sa mundong ating kinaguisnan
ang Batobalanì, ang may katungkulang
lumapit sa mga kakaining bakal.

Oo't katuiran, na ating baguhin
alin mang ugalì na hindî magaling
nguni, at kung ganiyang sa matuid hingil
marapat ka Justong papamalaguiin.

Tugon ng matandâ, iyan ay totoo
nguni't hindî naman, mahalay sa tao
sumama sa Lelong ang dalagang apó
doon sa Carnaval, ipanonood ko.

Sagót ni Delcampo'y kung ang tanging pakay
ng pag pa Maynila'y dahil sa Carnaval
ang gayo y marapat, at sa kaipuna'y
marami ang gawang dapat matutuhan.

Lalong lalò nangang ukol sa dalaga
diyan mamamasíd ang maraming moda
na mga tinahing pañô, baro't sáya
mga guiñanchillong pañolo't bufanda.

Nguni't kung ang nasà ay ipakakasál
doon kay Lorenzo, si Amang hirang
asahan ka Husto, at pagbubulungang
kayó ang matandang walang tinandaan.

Iyán pong Carnaval madalás dahilin (1)
ng ibang dalagang dî na makapiguil
sa dahás ng sintá, at ang nararating
talikdán ang iná't sasama sa guiliw.

---

(1) Carnaval, tanghalan ng̃ sari-saring bagay na ukol sa kabuhayan ng̃ tao, at ng̃ iba't ibang hindi karaniwang makita.

Katulad din naman ng mga pistá
mga simbang-gabí't aguinaldong misa
naguiguing patnugot ng mga dalagang
pagsama ng lihim sa katipán nila.

Anhin kong sa ganya'y mangag-isang pusò
binata't dalagang kusang nagkasundô
ang kasuklám-suklám diyán magtatagpô
yaong sinasabing mangagkaaguló.

Kung gayón, Delcampo, tugón ng matandâ
iuurong ko na ang aking pakanâ
pagka't karampatan, na ang nalilisyâ
kahit matandâ na'y makiníg sa batà.

Sumpaín ng bayan ang sino sino mang
namamaling ayaw pahimok sa aral
sapagka't madalás, na, ang katigasan
nino ma'y pang-iklî sa mundo ng buhay.

Tugón ni Delcampo'y huwag ikagalit
ka Justo, ang aking muling mababanguít
tungkol kay Amada, sa akin pong masíd
kayong mag-anaka'y nangaliligalig.

Batíd mo ka Justo ang lahat ng bagay
nangyari sa inyong madlang kaguluhan
iyang si Amada ay pagbababagan
at hangang sa puno'y nagkakahablahan.

¡Sayang si Amada, kung mamalaguing
pagtutungalian ng magkakalipì
at kung kayâ gayo'y hindî sinusurì
ninyo ang totoo na naguiguing sawî.

Una'y talós nating iyang si Amada
may magarang asal, kilos na masiglá
maguiliwing lubhâ sa sayang de cola
sa polvo't pabangó, at sa batería. [1]

---

(1) Pinanganganlang Batería ng mga dalagang talauigan ang bubók na pinatatambók sa ulo.

Iyang bateriang kung aking pagmasdan
sa ulo ng madlâ na kadalagahan
wangis sa daluyong, alon, ng salatan
sa dagat na kalong ng bayan ng Bawang.

Alin mang dalaga na nagmamakisig
marapat ka Justong tibayan ang dibdib
nating magugulang, at sa pagmamasíd
sa kanya'y dî dapat iwalay ang titig.

Ang pagmamagarà ng isang dalaga
tulad sa lalaking laguing may santada
pag sa kabaita'y kinulang na siyá
asaha't palaguing may makakabaka.

Oo't ang sino man na may karaniwang
magsakbát ng armas, niya, sa katawan
marapat dagdagan yaong kabaitan
sa pakikiharap sa anomang bagay.

Anopa't ang armas, hindî nadadapat
doon sa lalaking ang ulo ay hungkág
at ang kaisipan ay nakakaladkad
ng sabing dî wastô at bagsík ng alak.

Ang simoy na itong ugalì ng ibá
¿bakit dî baguhi't ikahiyâ sana
yaong kadalasang sasakamáy siyá
ng mga pinuno't kawaning justicia?

Tungkol kay Amada, ka Justo'y ang dapat
daanin sa lamíg payong mabanayad
huwag may maglider na naguiguing ugát
ng guló, sa kanyang kabaitang pahát.

Ang pagpapasilbi na kinamulatan
ka Justo, sa ngayo'y dî na nababagay
higuit sa kanayong inyong talastas nang
dî ipagtatanong ang ugali't asal.

Kung sa pagmamasíd ay inyong masubok
sa binatang kanyang mahal sa pag-irog
kayong matatanda'y magsing-isang ayos
at sunurin siya ng maamong loob.

Ayon pô ka Justo sa pagkakita ko
sa nagsisiligaw mga bagong tao
si Fulano'y lider niyong si Mangano
at mayroon namang doon kay Sutano.

Anopa at silá ay may kanikaniyang
Lider na suguin diyan kay Amada
walâ ngang paraang dî muguló siyá
sa binulóng bulóng ng bawa at isá.

Ang kanyang katulad at nakakabagay
ay isang Votante sa paghahalalan (1)
dî bagá matuwid na ang kalooban
niya'y palayai't huwag may sumaláng.

Pabayaan nating ang kanyang corona'y
isalin ng kusà sa pinilì niya
at huwag sulsulán ng bibig ng ibang
Lider ng binatang may kandidatura.

Pagka't ang binatang may suguing lider
ay tandang mahina't lampá ang pag-ibig
kaparis ng isang magpunò ang nais
sukdang hindî gustó ng baya'y guiguiít.

¡Kay halay ka Justong ang dalagang bata'y
linlangín ng isang lider na matandâ
ang ugaling itong lumà at masamâ
sa baya't sa lahì, ay nakasisirà.

Batíd mo ka Justo at nakikilala
nangyari sa akin ng panahong una
sa irog kong anák na isang dalaga
dahil sa matanda'y naligalig siya.

---

(1) Ang gulang ni Amada sa taóng itó 1914 ay 15 años at 6 meses ipinanganák siyá ng 13 Sept. 1898.

Matandâ pa naman na ang katungkula'y
magkalág ng talì niyong kasalanan
hindî pô ganitó ang guinawâ niya't
bagkús pang guinapos kaming maganakan.

Dahilán sa kanya na kusang pagyurak
sa karapatan ko, sa guiliw' na anák
ng mag-aasawa't nag-isang nangahás
ng pamamasiyang hindî nararapat.

Noon pô ka Justo ang damdam ko yata'y
nagdaúp sa akin ang Langit at lupà
salamat sa Dios, at napawing biglâ
ang panghihiganting aking inakalà.

Ang aking totoong ipinagpupusók
kung bakit ang mga tagá handóg Dios
ng bayan, ay siyang madalás gumusót
sa mga mag-anak na nagkakaayos.

Hindîng hindî nila makuhang malaman
ang aral ni Cristong guinawâ sa bayan
sa dukha't mayaman, sa pantás at mangmang
ang pakikisama niya'y pàntáy pantáy.

At ang balang mga may tanimang loob
mag-anak at ibang nagkakasigalót
agád papayuhan ng pagkakaayos
at pagkakasundô ng ukol sa Dios.

Para ng guinauâ sa kay Magdalena (1)
inaralang mowî kay Lazaro't Marta
sapagka't ang gayo'y paraang magandang
itinitiwasáy ng gulong familia.

(1) Nğ panahong cadalagahan ni Magdalena, ay humiwalay nğ pamumuhay sa dalawang kapatid, dahil sa maling kaasalan.

Nguni't di ganito't kami binulahaw
sa sulsol ng amo, anak ko'y nagtanan
sa pag-aasawa't sa pagayong laláng
naguló kamí ngang magkakasambaháy.

Ani tandang Justo'y huwag kang magtaká
sa mga lalaking bawal ang asawa
di nakakadanas ng hirap ng amá
sa tinuturingang kalingang familia.

Kayâ sa kanila'y walang liwag-liwag
na pamasiyahan kanino mang anák
alalaong yata'y sila ay kagawad
ng Dios, kung kayâ, sa gayo'y pangahás.

Tugón ni Delcampo'y di lamang sa gayon
ang kapangahasan niyang mga among
na kalahì natin, kundî sa pagayon
sa ugaling dayong pinapanginoon.

Palibhasa'y silá ay nasasakupan
niyong mapuputing dayong kaparian
di katakatakang ang mga utusán
sa nangag-uutos mawangkî ng asal.

Gayon nga Delcampo; sagót ng matandâ
sapagka't ang dayo'y walang ibang nasà
sa dinadayuhan kundî magpasasà
ng mga ugaling sa kanila'y akmâ.

Kayâ walâ silang pinagsisikapan
kundî mamalaguing salantâ ang bayan
sa pagka kilala ng katotohanan
masidhing kabaka ng kanilang asal.

At dahilan dito'y sa hindî naanib
nila'y ang palagay ay suway sa Langit
parang fariseong ang pinag-uusig
si Cristo't ang sukáb ay tinatangkilik—si Barrabas

Itó ngâ Delcampo, ang isang malubhang
sakít na damdamin nitong ating bayan
ang mga kalahing among na may alám
sa among na Dayo'y ayaw humiwaláy.

Ang palagáy yatà ng kanilang loob
pagtiwalág nila'y tiwalág sa Dios
o kung dilì kaya'y dahilán sa takot
magkulang ang bulsá nilang napupútós.

Dahilan sa Sektang dito'y itinatag (1)
ng hindî kalahing among na kabakas
anó sa ang baya'y gumapang sa hirap
kung nayaman naman silang dî tiwalág.

Kayâ walín mo na sa pusò at loob
ang gayong nangyari sa anák mong irog
ng dahil sa among kayo'y nabugabog
yao'y parahin mong patungkól sa Dios.

Dito si Delcampo pagdaka'y nagtindíg
namulá ang mukha't tumugong mahigpít
aniya, ay ¿anó't ang hindî matuwid
ay ipatutungkól sa Dios sa Langit?

¿Anóng tao itó? sagót ng matandâ
warì'y hangang ngayo'y dî mo pa unawà
ang sa mg̃a Dayong ugalì at gawâ
ng una sa bayang silá pa'y pasasà.

Ang panghihigantí, ang pagpapapugot
ang pagpapatapon sa udiok ng sosot
sa nangamamayang malalayang loob
ito'y pawà nilang patungkól sa Dios.

(1) Secta ang sinasampalatayanan ng̃ marami na itinayo ng̃ sino mang táong may lakás at kapangyarihan.

Kabangisang gayón, at ang kasakimang
inaasal nila sa pawis ng bayan
ay iniuukol sa ikadadangal
ng Catolesismong santa feng pangalan.

¡Jesús, María y Joséf! tugón ni Delcampo
¿dî yata't ang isang lumalang ng mundong
Dios ng matuwid ay parahing batóng
batayán ng madlang pag-apí sa tao?

Aní tandang Justo'y huwag ikamaáng
Delcampo ang mga kaasaláng ganiyan
sapagka't sa mundo'y mulâ ng malaláng
ang ngalang Santa Fé dito ibinatay.

Niyong malalakas ang pagpapabahâ
ng dugô ng mga bayang mahihinà
Santa feng sagradang ang isinasama'y
nasa masusungit na namamahalà.

Sa sungit na ito'y balang humiwalay
kaaway ng Dios ang pagpapalagáy
itó ang pahayag sa lahat ng mangmáng
datapua't lingid sa may kabaitan.

Sa aral na iya'y ¿aling kayang Langit
na bayan ng isang Dios ng pag-ibig
ang dî magbubuhos sa mundó ng galit
na kaparusahang hatol ng matuid?

Iyan ang uguling laganap ang simoy
sa loob at labás ng bayan at nayon
at sa asngaw niya'y ang dî makaamoy
ay ilóng na laguing trincado ng sipón.

Inabot abutan ang salitang itó
ng pagkakataóng pagdating ni Lucio
aniya'y kung gayo'y dilì iba't tayo
ang mga sipuning sinasabi ninyó.

At sampu ng mga nagsisipamayang
Pinunò at mga pinagpupunuan
na pawang aayao mangagsihiwalay
sa ugaling lumang dayo ang lumalang.

May katwiran ngâ na ating sisihin
iyang mga among na kadugô natin
na dapat mangunang gumawâ ng galing
sa bayan at tayong mahina'y akayin.

Silang nagpipiring kung may kataksilan
tayo ay taksil din na pinipiringan
ang nangag-uutos kung may kasalanan
kadamay sa gayon ang inuutusan.

Anong masasapit niláng nag-uutos
ng kung ano anong patungkól sa Dios
na pangangalipin; kung ayao sumunód
ang mga sa dayá ay nakatatarók.

Kaparis nga niyang ating kaasalán
na palilibutin sa nayon at bayan
ang mga larawa't ng upang makunan
ng pilak ang bawa't imbing mamamayan.

Sa ganitong gawî at aral na dayà
ang may kataksila'y tayong matatandâ
matandang marapat sumpain ng batang
nakakakilala ng lihís na gawâ.

Sakâ ang isá pang pilipit na asal
at lumang ugalìng hangang ngayo'y iral
ang buhay ng tao'y hinahamak lamang
sakâ mamahalín kapagka namatáy.

Samantalang buháy sa pagkakasakít
ang lunas-médico'y halos dî masip
ng upang gumaling, sakâ ililindig
ang gugol sa mga bangkáy ng malamíg.

Diyan ipupulas ang pagmamarangál
sa libing, at ibang piguing na mainam
sukdang hindî káya ay pagpipilitang
mahuwad ang dukhâ sa taong mayaman.

Pinupuri naman ang ugaling itó
ng among kalahì at among na Dayo
anila'y ang gayon ang siyang totoong
malinis na budhi't pusong católico.

Ang ugaling ito'y siyang nagsasaysay
na ang católico na tinuturingan
ay yaong marunong umayon sa laláng
niyong mga tusong hindî kababayan.

Dito na napatíd yaong pagpupulong
ng tatlo katao na nangagkaulóng
tiguil panulat ko't ang iyong itulóy
ang kalalagayan ng Bayanang Nayon.

---

¿Ibig mo ang kapalaran
oh binatang kababayan?
iyó munang pag-aralan
ang kay Dionis na saysay
sa unahán nitong liham
at ikaw ay madadangãl
sa guitna ng̃ ating bayan.

Kung íkáw ay matuto na
at ang gawa mo'y magbung̃a
manalig ka at umasang
susuyuin ka ng̃ Dalaga.

## Ikapat na Pangkat

# ANG BAYANAN AT PANUKALA

Magpusa baya't sa nayon
karaniwang pulong pulong
ng̃ di bihasa't marunong
Politika't Religión.

Sa limangpu't apat nayong cabukiran
sakop ng malaking bayan ng Mahanghang
isá sa pang-una ang pook Bayanan
na nasa bahaguing dakong Silanganan.

Mananahán dito'y libo-libong tao
may mangangalakál at may carpintero
may cantero't ibáng maninibag bató
ang marami nama'y mangag-aararó.

Diya'y ang kalakal na una sa lahat
sinamáy at yaong tindang pinalanyag
sa sang daang pisong puhuna't pinalad
may sandaan paring sa tinda'y panglagac.

Ang nayong Bayanan ay nababahagui
sa pitóng lansangang sa castila'y calle
paibaba'y apat na dî malalakí
pasilanga'y tatlong pinacamabuti.

Sa loob at labás nitong kanayunan
may masasalayang tanim na halaman
sintonis at kahíl, bilolo at lukban
saguing at ibá pang ikinabubuhay.

Tanang mananahan ay may mga hayop
baka at kabayo, baboy mga manók
bagama't ang bahay nila'y makikipot
nguni't kung sa pugad palaguing maitlóg.

Diya'y may ilan din na mga tindahan
mayroong sarili't ang iba'y bakusán
anopa't sa anyô ng nayong Bayanan
naghaharì mandin yaong kasipagan.

Nguni't mayroon din na mga sugaról
pugapóg sa monte at sa larong sabong
sila ang palanga't kung sa isdang dulóng
nakakabatangal sa nakaing gutom.

Ang sabong at sugál pinagbubuhatan
ng samâ sa nayon at sa bayan pa man
at kung walâ nito'y marahil maparam
mga nangyayaring looba't nakawan.

Nguni't anhin itong iba't ibang bicio
na dî masawatâ ng Ley sa mundo
at sukdâ man yatang ipagpugot-ulo
may magbibicio rin sa dami ng tao.

Manumbalık tayo doon sa simulâ
at ugnayan yaong sabing panukalà
ng boong Bayanan ang kanilang hacà
magtayô ng isang bagay na dakilà.

Sa harap ng Tında niyong si Delcampo
minsa'y nagkatipon ang maraming tao
iba'y manginginom, at mayroon ditong
nangagsasalitâ ng gayo't ganitó.

Alin mang tindaha'y siyang caraniwang
naguiguing Senedrin ng nangamamayan (1)
diyán na madalás na pagtalakayan
yaong iba't ibang bagay na pulungan.

Sa maraming yao'y ang hindî dumaló
yaong nahihiyâ, doon, kay Delcampo
marahil may utang sa kung anó-anóng
dî binabayara'y may tatló nang Pascó.

Itó ang pasanin ng isang may tinda
dî naman lumakás kundî magpabala
ang kasusu't susot pag nagkakuwalta
dî doon bibili't tatambing sa ibá.

Ang nangagtitinda'y pag dî linamigán
ang pakikisama sa mangungutangan
matutulad silá sa mapagkumpisál
halos araw araw ay may kasalanan.

Mainit ang ulo at isip ng isip
ng maiibulóng sa taingang Langit
ang dating matinô kung ayaw sumungit
sa Confesionario'y huwag maglalapít. (2)

Diyán sa pulungán ng maraming tao
kusang nagmungkahì, yaong si Delcampo
anya'y mabuti'y magpatayô tayo
ng isang bisitang tahanan ng santo.

Tayo'y magambagan ng apat o limang
pisong gugulin, doon sa bisita
kung mayari ito'y bumilí pagdaka
doón sa Maynilà ng santo o santa.

---

(1) Senedrín, bahay kapulungãn, anáng mg̃a tagá Oriente.
(2) Confesionario bahây-bahayang nasa loob ng̃ Simbahan dito nagmula ang pagka pahamak ng̃ Pilipinas sa panahón ng̃ kastilà, bisita, tuklóng o kapilya.

At sa taón-taón ay papagmisahan
sa Pari't ng̃ tayo'y makasimbá naman
sa mungkahing ito'y mayroong aayaw
at marami namang sumang-ayong tunay.

Sa darating naman médicong si Lucio (1)
na kumpareng buû niyong si Delcampo
na humihingasing halos tumatakbó
salitaang yaon ay inabot nitó.

Ang wikà ni Lucio'y ang mga kanayon
ating paglinayin itóng pagpupulong
ang unang binanhay ang ating itulóy
yaong titirikan ng Escol ng̃ nayon.

Magsasangtaón ng pinagkayarian
ang lupang binilí dî nababayaran
sakâ kayó, ngayo'y dádali na naman
sa bagay na walang mapapakinabang.

Pinipilit ninyó na papaghirapin
ang nayong Bayanan, sa dî paglilining
maghirap man tayo't kung sa Escol dahil
guiguinhawa naman mga anák natin.

Sa pag-aaral ngâ sila'y mamumulat
sa balang gawaing sa buhay marapat
ng̃uni't kung bisita yaong itatatag
¡ay kahabág-habág ang ating inanák!

Akalain ninyong kapag nagkamisa
dito taón, taón ay para ng pistá
kakilala't hindî makikipagsimbá
pakakanin natin ng walang pagsala.

---

(1) Tinatauag na médico sa kabukiran ang bihasang mag-haplós haplos at magtapal tapal sa anomang sakit ng̃ tao ayon sa kaniyang nadanasan.

At sakâ ang Parì ay hindî papayag
na dî yaong misa'y may malaking bayad
paris ng nangyari sa nayon ng Lagnas
sa tatlong pûng piso'y hindî nagpatawad.

At dî pa guinawâ ang nasabing misa
hangang dî nakuha ang lupa't bisita
sa isáng notario'y ipinagawâ na
na ang aring yao'y tunay na kanilá. (1)

Nakuha datapua't dî pinagbayaran
kundî ang may-arì ay pinangakuan
ng «Indulgenciang» ualang katapusan
hagdang pasa Langit kapagka namatay.

¡Kay palad ng mga tagá nayong Lagnas!
siláng mga dukha'y naglimós sa palad
niyong mayayamang ualang hinahangád
kundî ang maapí ang mga mahirap.

Dito tumataghoy ang santong matuid
dito nagbabaga ang galit ng̃ Langit
dito nag pupusók dito nagngangalit
yaong Katwirang Dios ng Pag-ibig (2)

Sa ugaling yaon tayo'y pinamulat
niyong ibang Paring maamò sa haráp
at ang luob natin siyang dinadarás
tumatabâ sila't tayo'y nangyayayat.

Tugon ni Delcampo, cumpare, ay bakin
tila ang sabi mo ay salitang lasíng
ang kinamulata'y huag mong gayunin
at bakâ pa ikao ay excomunionin. (3)

(1) Ang gumaua ng̃ katibayang yaon ay si G. P. L. Notario ayon sa salaysay ng̃ isang kapatas na taga Lagnas, nayong sakop din ng̃ Mahanghang, kabalantay ng̃ Bayanan.

(2) Ang tunay na Dios, ay Dios ng̃ Pag-ibig, anang A. S. Juan.

(3) Excomunion, ang pag tatakuil ng̃ kapisanan sa isa na sumasalaansang.

Sumagót si Lucio doon kay Delcampo
¿naparam na bagá sa ala-ala mo
ang dahil sa Parì, cayo ay nagulo't
ang isá mong anak tumanan sa iyo?

Sa sinabing ito'y bigláng biglâ namang
naghari sa pulong ang katahimikan
at ualáng tumugón kahit isá man
warì siyáng saksí ng katotohanan.

Dî kaguinsa guinsa'y may isáng nagtindíg
doón sa may tindá pagdaka'y lumapit
bumilí ng alak, at siya'y bumaric
ni hindî inalók ang mga kalapít

Dalawang vasong sunod ang ipinatakal
at ng mainom na'y naguikà pagkuan
aniya ay ngayon natin maaalman
kung sino sa atin ang lalaking tunay.

Mapungay ang mata't mapula ang mukhâ
tatagui-taguilid sa pag sasalitâ
labì na iningiwì at lurà ng lurâ
uurong susulong garil kung maguikà.

Tatadyák sa lupà at hihibay-hibay
haliling ikumpás ang dalawang kamáy
titingala't sakâ cacatlabì naman
sa maraming taong doo'y kapanayám.

Sa gayong pagkilos humakbang ng tatló
sinusurot surot ang matá ni Lucio
aniya ay iyang sinasalitâ mo
ay minamapaít at dinaramdam ko.

¿At anong dahilán, at dî papayag ka
na tayo'y magtayô dito ng bisita
ikaw ay binyagang dati kong kilalá
at sakâ sa ngayo'y mag-eereje na.

Pakatontuín mong dito sa Bayanan
ako'y walang walang kínatatakutan
na sino ma't alín, at kung may lalaban
se oras na itó akó ay subukan.

Puno't hindî punò, kung sa nayong itó
sa akin ay walang si Poncio-demonio
pag itong gulok ko'y matalas ang dulo
humaráp sa akin ang dalawá o tatló.

Oh kuparing Gudi ang kay Luciong saysay
kung sa amin dito ay walang lalaban
pagka't ang magbabág sa tao'y dî bagay
kung hindî sa hayop nauukol lamang.

Ang wikang hereje aking inaamin
kayâ akó nama'y aayaw maglasíng
aayaw magsugál, aayaw kumain
ng hindî sa aking pawis nangagaling.

Inaamin ko rin ang wikang demonio
kayâ akó nama'y aayaw magbicio
aayaw magkumpáy sa kabayo't toro
ng kumpáy na hindî sadyang tinaním ko.

Inaamin ko rin ang excomunión (1)
ng parì, at ako'y kanilang itakwíl
kayâ akó nama'y aayaw magsaing
sa palayók ng ibá na nakakauling.

Inaamin ko rin ang dî pagsisimbá
ni kumpí-kumpisál sa tuwing kuaresma
kayâ akó nama'y walang sinasambá
kung hindî ngâ yaong Mártir sa Gólgota.

---

(1) Ang excomunión ay malabis na kinatakutan ng tao sa una, at di umauó'y dumidikít sa sahíg o sa papag kailan ma't mahiga

Itó ay mabaít kung sa kabaitan
dapua't ng siya'y masok sa Simbahan
tanang sacerdotes na nangangalakal
hinabol ng palo't ipinagtabuyan.

Kayâ akó nama'y ayaw ng bisitang
pangangalakalan ng nangagmimisa
at bakâ ang Mártir dito'y dumating na
manghabol ng palo't ako'y maramay pa.

Iyán ngâ ang Mártir na anák ng Dios
sa lahat ng dukha'y marunong magkupkop
at ng isang araw, sa paá, ng bundók
libo-libong gutóm ang kanyang binusóg.

Dî paris ng mga nangapapatanghál
umano'y sa lupà ay kahalili raw
ng Dios na mártir, dapua't ang gawa'y
dukhaín ang dukha't ng sila'y yumaman.

Aywan kung bakit ang bagay na itó
ay hindî matarók ng maraming tao
taong linagakan ng tatlong «Sentido»
ng dunong ng mártir doon sa Calvario.

Ng ito'y maringig niyong karamihan
pawang nangatuwa't nangaghalakhakan
dapua't si Gudi gumirì na naman
si Lucio'y kinanang bibigyán ng sampál.

Dî ngâ nalapatan, pagka't natangkilik
ni Delcampong taong may ulong malamíg
aniya'y ka Gudi ang aking pamanhik
umuwî na kayo't sa bahay umidlíp.

Salamat, at yaón, ay nakiníg naman
at kusang umuwî sa sariling bahay
ng makaalís na'y may nagwikà namang
tayo'y mamandango at magkatuwaan.

Tumugón si Lucio, at ang wikà niya
Simeon, ang hamon mo'y mabuti ngâ sana
nguni't bago malís ay tapusin muna
itong pagpupulong na mahahalagá.

Ang katu ad natin yaong isang taong
ibig magpagawâ ng isang vapor o barco
at kung mayarì na't ibiyahe itó
ang fleteng nahanap ¿saan patutungo?

Dapat at matuid, na sa namuhunan
umwî ang bawa't mapapakinabang
dapua't caibá iyang inyong banhay
ang dî namuhuna'y siyang pagbibigyan.

Akó ay papayag na magkabisita
at tayo'y bumilí ng Santo o Santang
dito'y sasambahi't, kung magmilagro na'y
ang pilak ay atin at hindî sa ibá.

Akó ang bahalà sa madlang paraan
dî palalampasín ang dalawang buan
at maghihimalâ ang larawang iyang
pagkakabuhayan ng nayong Bayanan.

At kung gusto naman ninyó yaong misa
upahan ng piso ang Parì o Kura
at s kâ piso pang pabuyà sa kanya
upang maibayad sa sasakyan niya.

Ngunit ang bisita'y huag ibibigáy
kahiman at tayo ay kanyang ulukán
sapa ka't matuid na ang namuhunan
ay siyang mag-arì magpakailan man.

Sukdang ang umulók ay isáng obispo
na castila't Inglés,, o americano
huag ibibigay ang bisita't santo
anomang mangyari dî napayag akó,

Ating pag-aralan ang pananariling
kapagkaraka na ay sigaw ng Ley
sa pagkat ang tao ay ipinaglihí
sa Batás na yaon na napakabuti.

Tungkól sa pagsamba'y may layà ang lahát
gawain nino man ang bawa at hangad
at bayaan akong lumuhód tumawag
doón sa lumalang ng batis ng Butlag.

Pagka at itó rín ang nagpapabunga
sa tanáng halamang linikhâ rin niya
at sa madlang bagay na iba't iba pang
ikinabubuhay ng táong lahát na.

Nguni't ang bisita ay bago gawain
yaong Escol muna ang ating unahin
ang biniling lupa'y pagbayaran natin
at huwag na namang pagbukás-bukasin.

Ang tugón ni Simeón, iya'y magaganáp
pagka't kayarì na ng magsisiambág
ating itiguil na't tayo namang lahat
magsipamandango't ng upang magalák.

Nagkaisá na nga't nangagsama-sama
at kiná Amadang bahay nangagpuntá
kapagdating doón ay nanawagan na
si Simeong sa gayon, ay dating bihasá.

Sa pananawaga'y walang malay itó
na nasa itaas yaong si Sabino
itó ay pakanang palipót ni Lucio
upang ang Sabalan ay mag-atikabó.

**Pagka't si Sabino'i sa larong Sabalan (1)**
**ang pinakaurong ang siya'y sawaan**
**at yaong si Simeón ay gayon din naman**
**lumalaban itó, kahit sanglinguhan.**

**Kayâ may matandâ na nagsasalitâ**
**na ang Pandanguero'y tulad sa palakâ**
**na kukak ng kukak hangang bumabahâ**
**at ang tiguil nito, sigwa'y kung tumilà.**

**At mayroon naman na nagpapangalan**
**na ang Pandanguero'y mahangin ang tiyán**
**sapagka't ang isang maliít na bagay**
**pinag-uusapan sukdang tatlong araw.**

**Anopa't sa bahay ni matandang Justo'y**
**nag-asbók ang larong minithing pandango**
**ang kilos ni Simeo't sampû ni Sabino**
**parang nasa Dulâ niyong moro-moro**

---

(1) Sabalan, dupluhan, cung tauaguin sa ibang daco ng catagalugan, ang sabalan dito sa lalauigang Batañgan ay naglalaban ng auitan ang dalauá, ang isa'y nasa bahay at ang isa'y nasa lupà.

## Ikalimang Pangkat

# ANG MĞA LIDER

Sa mğa ulilang dalaga
karaniwang mapagkita
kapag mag aasawa
ang ligalig ay masiglá.
Ang naglilihim na tao
sa dalagang favorito
sa Teatro ay Payaso
sa Comedia ay Locayo.

Dí pa nalalaong masaglap ng isip
ng nangamamayan, sa baya't sa bukid
iyang binibigkás na salitang Lider
umano'y nagmulâ sa wika ng Inglés.
Ang salitang itó ay paná-panahong
tungkulin ng mga nangagkakagayong
Lider sa halalan, o sa ibang layon
ng bawa't lapiang may dakilang tukoy.
Kayâ karaniwang ang nangaglilider
sa anomang nasà ang ulo ay siksík
marunong bumilog ng sa ibang isip
sa pagsasalitâ ng paliyok—liber.

Lalong lalò na ngâ sa isang dalagang
kulang pa sa gulang, para ni Amada
malambing na hibo'y pag na biguasan na
agád paooóng parang nagayuma.

Ng Lider na tusong mabisang umimík
parang Magneticong (1) kung sa pusa'y ganid
pag ang nakaulong ay lupíg na isip
ang sariling budhî di na maiguiit.

At sasagót na ngâ ng oong dî bukál
sa batis na pusong pinangagalingan
ng baít na ganap na siyang timbangan
ng tunay na nasang nasa kalooban.

Itó ang sagradong anák ng matwid
katutubong dulot sa tao ng Langit
na dapat igalang at ipagtangkilik
ng sino sino mang may ganáp na baít.

Kayâ ngâ ang mga naglalapastangan
gumahís sa mga batang kalooban
o kayâ sa hindî pinarurusahan
ng bagsík ng Lei't Justicia ng bayan.

Ang bagay na ito'y hindî nalilirip
marahil ng mga nagsisipaglider
at dahilán dito'y madalás mamâsíd
mga nangyayari na madlang ligalig.

Tingnan natin yaong dalawang nag-awitan
kayâ palá gayong nangapatarlangan
ng kaní-kanilá na naaalaman
ay kapuwâ Lider ng nagsisiligaw.

---

(1) Magnético, ang taong may catutubò o may carunungang quisáp-matáng umaaquit sa capua upang masunód ang anomang nasa.

Doon kay Amadang ating tinutungong
siyang naguing dahil ng pamamandango
si Sabino'y Lider ni binatang Pedro
at si Simeón naman ay kay Feliciano.

Kayâ si Sabino'y gayon na ang tigás
at si Simeo'y lubós na pinakadasdás
nanganganib mandi't bakâ ang bulaklak
na Amada'y biglang mapitás at sukat.

At ang Lider naman niyong si Toribio
dî iba't ang kanyang inang napasuso
siya'y napapasok, pagka't si kang Justo'y
naulukán yatà, ay nakapaoo.

Sa paoong ito'y dî natin mataya
kung sang-ayon kayâ yaong si Amada
sapagka't may tulíg na nangangasawa
sukdang dî katiyáp ang isang dalaga.

May matandâ namang pinagmamalaksan
ang anák at apó o pamangking tunay
na mga dalaga't madalás kung minsan
nangapapakasál ng sa pilit lamang.

Dito nagmumulâ yaong nangyayaring
nagkakahiwaláy babayi't lalaki
nilalagót mandin ang taling mabuti
ng may karapatán, sa haráp ng Ley.

Nguni't si Dionis ating pagbalikán
bagama't ang Lider ay may katigasan
sapagka't si Oroy tunay na magulang
niyong si Amadang «Simoy ng Bayanan.»

Dito nagtatatká ang may mga baít
na tagá Bayanang mapagsuring-isip
ang amá't ang anák nagkaisáng nais
nguni't dî nátulóy ¡abá si Dionis!

Kayâ mulâ noo'y lalò ng sumiglá
ang mga carival niya kay Amada
nagpapaligsahan mga Lider nilá
ng madlang paraang «ipagvivictoria.»

May tagá bayan pa na nangaguguló
si Pendong na anák ng isang médico
ang kasamá-sama pag dî dalawá tatló
at kina Amadang madalás ang tungo.

Anopa at itong buñing si Amada
para ng bulaklak ng alejandría
kung buwan ng Mayo't ang nasà sa kanya
pupuli't ihandóg sa kahoy na Santa.

Sa tanang binatang mga nangingibig
doon kay Amada'y tangì si Dionis
nagpasán sa mundo ng matinding sakit
at sampû ng buhay ay sumapanganib.

Salamat kay Lucio't kusang nailigtás
si Dionis sa bugsô ng pagkapahamak
ang tao nga naman pag hindî pa oras
niyong kamataya'y may nadaláng habág.

Kayâ nga't si Lucio'y bagaman at Lider
ni Pinong na anák niyang iniibig
nangakong tutulong doon kay Dionis
upang kay Amada ay muling mabalík.

¿Totoo ngâ kayang sa taglay na habág
ni Lucio kay Diong na sawing pagliyag
doon kay Amada'y si Pinong na anák
dî na iguiguiit? ¡warì ay pangarap!

¿Bakà kayâ naman ang kay Luciong nais
ng pagka pangakò doon kay Dionis
pangpatighaw lamang at pangpatahimik
sa siguwá ng dusang unós ng pag-ibig.

Marahil nga'y gayon, nguni't hindî yatà
pagka't ani Lucio'y ang kanyang nawikà
kahima't umugóy ang Langit at Lupà
pipilitin niya na maisagawâ.

Ang katotohanan ay kayâ sumama
ng pamamandango'y walang ibang tika
kundî ilulubog niya kay Amadang
si Dionis ay muling marapatin bagá.

Kayâ nga't si Lucio'y palaguing paomís
at sa kay Amada ay masíd ng masíd
sa lubós na nasang kanyang maisaglít
ng bulóng na sabi ang ngalang Dionis.

Nguni at ang kanyang unang nakaulong
si Oroy na amang halos tumataghóy
dahil kay Dionis ng pagkakagayong
nasirà ang unang binanhay na pulong.

Silá ngang dalawa'y nagkakahingahan
tungkól sa nangyari sa pangasawahan
ang daíng ni Oroy akó ang magulang
na kulang ng palad sa anák na tunay.

Hindî ko akalang kusang sisirain
ni Amada yaong pangakò sa akin
na si Dionis nga'y kanyang iibiguin
hangang nabubuhay ay kakasamahin.

Siya'y dinaan ko sa sabing marapat
na payo ng amá sa guiliw na anák
sakâ ngayo'y ¿bakit ako'y itinulak
sa guitnâ ng hiyâng dî ko madalumat?

Ako'y nakatangap ng mga regalo
niyong si Dionis, at sa pag-asa ko
na ang aking anák sa pagka paoo'y
dî na masisirà ng anomang tuksó.

Ang tugón ni Lucio'y huwag kang magtaká
pagka't sa dingig ko sa sabi ng ibá
sa iyong ikalawang pagka pag-asawa
parang dî mo anák ngayon si Amada.

Ang karapatán daw sa bagay na iyán
walâ na sa iyo't nasa kanyang mamay
itó ang dingig ko sa bulúng-bulungan
umaatikabó sa boong Bayanan.

Dito ngâ si Oroy sumagót ng biglâ
¿at may Ley bagá ngayong bagong likhâ
na sa katulad ko ay nagpapawalang
matuwíd sa gayong bagay na dakilà.

Walâ ani Lucio, akong naalamang
bagong kalilikhâ na Ley ng bayan
na sa pangalawang «nupcia» kung turingan
ikinasisirà ng isang magulang.

Niyong karapatán sa pag-aasawa
ng tunay na anák sakaling batà pa
oo't mangyayari kung mga patáy na
ang mga magulang bago pa ang ibá.

May nagsasalitâ kayâ nagkaganyan
ay naghinanakít ang iyong bianan
umano'y sa unang nangyaring usapan
siya'y hindî mo na napagsangunian.

Kung totoo iyang singaw ng balitâ
Oroy marahil ngâ ikaw ay nalisyâ
sa iyong bienang nagkalingâ
doon kay Amada ng panahong batà.

Warì dî mo batid na iyang bienan
ay mahihinakting laguì sa manugang
higuit kung patáy ngâ ang anák na tunay
ang paghihinuhà ay gayon na lamang.

Hindî ani Oroy at kapagkaraka'y
sa pamula't sapól ay kaalám silá
bago ko tinangáp ng pangangasawa
yaong si Dionis, diyan kay Amada.

Sa totoo't hindî, ang tugon ni Lucio
iyang bulóng bulóng sa nayon ng tao
ang lalong mabuting sa iyó ko'y payo
makipagkasundô ikaw kay ka Justo.

At bakâ maw kang mayapa't patáy na
anák na si Pertang una mong asawa
siyang bienan mo'y tinatalikdan na
sa lahát ng bagay na ukol sa kanyá.

Oo't si Amada'y samantalang kulang
sa gulang na taning niyong kautusan
hindî mangyayaring siya'y mapakasál
kundî mo rin lamang pahihintulutan.

Sa tinig na itó ng iyong matwid
ang pagmamatigás huwag ikakapit
sa pagka at susing pangbukás ng Langit
ang makitoos ka sa mga kaalít.

Huwag maniwalà sa sabi ng taong
mga paimbabaw na banál umanó
na ang naghahawak ng susì ng Reino
ng Langit na baya'y ang apostol Pedro.

Hindî bawa't tao'y binigyan ng Langit
na pinakasusing dî iba't ang baít
at kung gusto nating doo'y makasapit
makipagkasundô sa mga kagalít.

Nguni't kailan man ay may katuwiran
ang ating sarili at ng ating bayan
huwag ipalupig ni kanino pa man
sapagka at ito'y siyang kabanalan.

Kayâ mabanguit mo diyan kay Amada
na ang katuwiran ay igalang niyá
pagka't kay Dionis napaoo siyá
marapat ganapin sa búkas makalawá.

Ang paglitider ko'y hindî humihilig
sa kanino pa mang malakí at muntík
kundî ang nasà ko'y tupdin ang matuid
sundin ng sino man ang unang pag-ibig.

Sa usapang ito'y naniíg na lubhâ
walang malay sila'y may isang hiwagà
si matandang Isca'y nasa sa kusina't
si Amada palá ang kinakalingà.

Ang sinomang nangungulok
ang dila ay parang pulot
anang ibáng palasahot
may mutya rao sa sampaiok.

Ng kasalukuyan ng pag-aawitan
ni Simeo't Sabino sa loob ng bahay
si Lucio't si Oro y nag-uusap naman
tungkól sa nangyari na pangasawahan.

Walang malay sila'y pumanhík na biglâ
si matandang Isca doon sa kusinà
nagkataón namang lumabás na kusà
yaong si Amadang kanyang sinasadyâ.

Aniya'y huwag kang titindíg aawit
sa hingî ng mga dito'y nagsipanhík
ulo mo'y bigkisán ng panyong malinis
at ang sabihin mo'y ikaw ay maysakít.

Kayâ palá gayon si matandang Isca
iná ni Lorenzong dito'y nabanguit na
ang ibinubulóng doon kay Amada
ibig manugangin sapagka't magandá.

Sabihin pa bagá ang isang naulók
ang dilà'y para ngang binabad sa pulót
may pisíl sa pisngí may haplós sa batok
at hinahaguingang parang ambubuyog.

Ngalí-ngalí manding yaong si Amada'y
kipkipi't kalungin ni matandang Isca
at kung sa kusinà ay may lugar sana
sa mamamandango ay naitayô na.

Tugón ni Amada'y ako'y namamaang
tungkól kay Lorenzong inyong nag-aaral
kung ano't nasabi sa akin ni mamay
ng unang papasok pistá ng Carnaval.

Ngayon po'y ang anyô ng kalagayan ko
katulad ng isang binabagyong barco
sa gnitnâ ng dagat, at ang dating rumbo'y
s.râ na't kung saang dako patutungo.

Ang guiniguiliw kong kabutong magulang
kasigalót ngayon ng irog kong mamay
dahil sa nangyari na pangasawahang
hindî ngâ kaila't inyong naalaman.

Aní tandang Isca'y huwag magambalà
diyan sa nagyari sa inyong sakunâ
ang loob mo Iníng ngayo'y pumayapa't
sa lahát ng yao'y akó ang bahalà.

Batíd mo Amadang sa madlang kamandág
mayroon talagang kalapat na lunas
kayâ ang pusò mo ay isapanatag
at pakimatyagan yaring pakiusap.

Upang maligtás ka sa madlang hilahil
payag na Amadang kita'y manugangin
lalo't ulila ka sa Inang nag-angkín
mag-asawa ka na at siyang magaling.

Iyan po'y mabuti, tugón ni Amada
kung ang matatanda'y nangagkakaisá
dapua't kung hindî, mahanga'y huwag na't
manatili akó sa pagka dalaga.

Magka asawa ma't daan sa hilahil
lalò kundî mulâ sa sariling lining
pag ang nabiana'y yaong kabilanin
lingatong at dusa yaong sasapitin.

Napahintô mandin si matandang Isca
at wari'y nasalang yaong sugat niyá
sapagka't sa naguing manugang na una
kabilaning asal ipinakilala.

At sakâ sumagót na ang wika'y gayón
sa unang manugang ako'y dî kaayon
kapagkaraka na; sila'y nangatuloy
nakasal, at dahil ng sa ibang sulsol.

Dapua't kung ikaw ang mamamanugang
at kayó ni Insoy palaring makasal
diyan mabubuhos, diyan mamamasdan
ang pagmamahál kong matuid at timbang.

Ano pa Amada't makikita mo rin
sa kapanahunan, ang aking gagawin
pag dî ko guinanap, sakâ mo wikaing
ang nabianan mo'y isáng kabilanin.

Malayang malayang mabubuhay ikaw
sa sinapupunan ng anák kong mahál
dî ka maguiguipít sa lahát ng bagay
ukol sa anomang makakailangan.

Batid mo rin namang iyang si Lorenzo
lumaking binatang walang basag-ulo
kapagka batà na'y hindî nag-araro
at laguì na lamang sa pag-eestudio.

Sa tanang binatang sa iyo'y naligaw
hindî siyá hulí kung sa puri't dangál
at sakâ Amada ¿dî mo bagá alám
na sa tao'y ibá ang ulong nag-aral?

Kung ang matagpuan iníng ng palad mo
yaong isang hamak na mag-aararó
dî ka rin titingnan sa bayan ng tao
higuít pa ng mga punò't maguinoo.

Ibá na Amada ang taong nag-aral
at nakababatíd ng kaliwa't kanan
sa pamamayan man o pangangalakal
hindî mabibigô sa lahat ng bagay.

Tugón ni Amada'y kayó po'y maglining
¿dî pô ba si Inso'y papapagpariin
sakâ ngayo'y bakit inyong sisirain
yaong loob niya sa nasang magalíng?

Makailán na pong ako'y nakatangap
ng sulat ni Insong sa aki'y kalatas
si matandang Isca ay napahalakhak
aniya'y ¿tingnan mo ang guiliw kong anák?

Diyán mababatíd Amadang guiliw ko
ang tapát na nasà sa iyó ni Inso
kayâ ang mabuti siya'y tangapin mo't
magaling sa tunay na mag-aararó.

Tugón ni Amada'y iyan pong tungkulin
ng tao sa mundong sino man at alín
ang isinasamâ, at iguinagaling
ay nasa sariling asal at gawain.

Ang bawa at tao ay may kanikanyang
katutubong palad na akmâ sa buhay
may nagsisidunong may nagsisiyaman
ang nangadudukha'y lalò ng makapál.

Oo pô, at Langit ng isang dalaga
sa isang nag-aral makapag-asawa
o kung dilì kaya'y sa taong may káyang
hindî maguiguipít sa nasang bala na.

Nguni't ang lalò pang maligayang Langit
ng isang dalagang tapát ang pag-ibig
makatagpô siya ng taong may baít
sukdang ang tungkulin nito'y magbubukíd.

Sapagka't walâ ng luwalhating yaman
paris ng mabuhay sa sinapupunan
ng isang lalaking marunong magmahál
sa isang babaying tapát kung gumalang.

Higuít kung lalaking ang asal at kilos
sa bagong panahón, ay iniaayos (1)
sa baya't familia laguing nabubuhos
ang gawing mabuting bunga ng pag-irog.

Ang isang dalaga na magkakapalad
ng gayong binatà, nariyán ang dilág
pagka't dî malayong sila'y magkaanák
ng isang lalaking tangulan ng lahat.

Ang wastong paggalang ng isang babae
pag dî sinisirà sa isang lalaki
diyan tatanghalín ang sinag ng puring
maguiguing ulirán ng lahì at kampí.

Yaong sa lalaking tanging pagmamahál
sa isang asawa; madalás kung minsán
kayâ nawawasák, ay sa kataksilán
ng isang babaeng alibughang asal.

---

(1) Tila ang damdamin ni Amada at ni Diones ay nagkakaayon, ñguni't ang panahón lamang ang makahuhulà sa palad nilang dalauá.

Sinomang lalaking kusang linililo
ng̃ isang asawa, kung tingnan ng tao
walang puri't dangál, at kahit sa mundo
nabubuhay siya'y halos walang ulo.

Ang lalaki namang nagyurak na tunay
niyong sa babaeng abang karapatán
ang gayo'y marapat sumpaín ng baya't
anomang tungkulin, hindî dapat bigyán.

Iyang bakî bakì aní tandang Isca
pag laguing sinurì, guiliw kong Amada
ang kahihinatnan ng iyong «Conciencia»
taualán sinomang sa iyo'y sisintá.

Batíd mong sa mundo'y ang nagp pilìang
dalaga'y natandâ at nalilipasan,
ang guintong panaho'y huwag pabayaan
ng dî ka tampuhán niyong kapalaran.

Tugón ni Amada'y kung ang paglilining
sa bagay na itó, ang naguiguing dahil
ng kusang pagtampó ng palad na angkin,
ang sariling budhî, dî ko sisisihin.

Ang mabuti pa po'y inyong pabayaang
magtuloy si Inso niyong pag-aaral
at bakâ sakalì na ang kapalaran
niya'y maging Parì sa habà ng araw.

Tugón ng kausap, iyan nga'y magalíng
dapua't sa ngayon, kung aking isipin
hindî na yayaman ang Pari't sa dahil
na ang Religio y parang guiniguiling.

Mapalad ang mga Paring napauna't
yumaman t lumapad ang lupain nilá
ngunì at sa ngayon, iya'y mahirap nang
tamuhín ng mga Paring susunód pa.

Mundó palibhasà at paná-panahón
ang pagsasagawâ sa alin mang tungkól
kaparis din naman ng halama't kahoy
mabunga sa una, at walâ sa ngayón.

Pagka't ang panalig ay nababahagui
sa Aglipayano, at sa Protestante
mulâ sa Romanong ang kanilang dili
sa pananambahay makapanarilí.

Tugón ni Amada'y kung ang ñasà lamang
ninyó sa kay Inso'y mag Pari't yumaman
iyan pô ang nasà na napakarawal
at labág na labág sa damdaming bayan.

Hindî ngâ kaila't ating nababatíd
na ang ibáng Paríng nangagpakaniíg
humitít ng yaman at sa bayang pawis
silá ay dinatnan ng hampás ng Langit.

Ang dî nakatago'y inabot na patáy
ng pag-usigin na ng galit ng bayan
galit na padalá ng Kapangyarihan
Dios ng Pag-ibig at ng Katuwiran.

Ang tungkuling Parì lubhang mahalagá
kung sa mithing bayan ay magaling silá
kaparis ni Burgos at Padre Zamora
nabitay at dahil sa baya'y pag-sintá.

Kaya't ang pinuntá nilang pagmamahál
sa bayang sarili't lupang tinubuan
ngayon nagsusuplíng ngayon nabubuksan
ang natakpang isip ng katagalugan.

Ang sa Religiong pagkakabahagui
isáng pangitain na napakabuti
diyan mapipilì ang lalong maigui
na ukol sa ating mithing manarilí.

Pagka't katutubong ating namamasdan
ang tubig na labo'y nauwî sa linaw
iyang paglalahò ng kapanaliga'y
vísperas na tunay ng kaliwanagan.

Dahilan nga diyan, aní tandang Isca
sa aking sarili kusang pinasiyá
huwag ng mag Parì ang anák kong sintá
at harapin na ngâ ang pag-aasawa.

Anhin ang mag Parì sa panahong itong
ang pagpapayaman, walâ ng seguro
kung ikaw Amada ang mamanugang ko
si Inso'y para na, na naguing obispo.

Sa papanhík naman si matandang Goríng
tío ni Amadang isá sa Lider din
niyong si Lorenzo; aniya'y pamangkin
ang sasabihin ko'y iyong unawain.

Ng una Amadang mapagayák ikaw
na talagá sanang pasa sa Carnaval
kasama ng iyong nagkandiling mamáy
itó sa kay Insoy aking naisaysay.

Tatlong araw manding nagbabantáy siyá
doón sa Estación niyong Santamesa
sa pag-asa niyang may isang Amadang
lulunsád sa treng masasalubong na.

Kayâ at ng doo'y hindî ka dumatál
kay Insoy naghari yaong kapanglawan
at sa dî mabatá na dagok ng lumbáy
ang naisip niya'y ikaw ay sulatan.

Sagót ni Amada ivan po'y totoo
at aking tinangap ang liham ni Inso
nguni't dî sumagót at napagnilay kong
ang magmunì-munì marapat sa tao.

Ang tugón ni Goring Amada'y paghusay
at akong tío mo, at ang iyong mamay
ay nagkakaisang ikaw ipakasál
doon kay Lorenzong ikalawá mong pinsan.

Oo't ang Amá mo'y hinguil kay Dionis
palibhasa'y siyá ang tunay na Lider
sa paraang itó ikaw ay mag-isip
¿dî ba ang mamay mo'y siyang may matuwid.

Dahilán sa ito'y nagpalaking tunay
ng matiwalág ka sa iyong magulang
dito nagbubuhat yaong katuwiran
na ang gustó niya'y siya mong ayunan.

Salitaang ito'y napatíd na bigla't
si matandang Justo'y nasok sa kusinà
aniya'y Amada paroon ka na ngâ
sa bahay at dahil sa nagpipithayà.

Tugón ni Amada, mamay ay paano
diyan sa pag-awit dî maalam akó
mabuti pa'y inyong sabihin sa tao
ako'y patawarin sa bagay na itó.

Hindî na pinilit siyá ng matandâ
at itó sa bahay nagbalík ng kusà
at sa mga tao ay hiningî na ngâ
si Amada'y huwag matindig sa guitnâ.

Dito na napatíd yaong Pandanguhan
ang maraming tao'y naghiwá-hiwaláy
nguni't si Amada'y nasa pagninilay
sa hindî matarók niyang kapalaran.

Kayâ ang samò ko sa binatang lahat
na sa kay Amada'y nagsisipangarap
mangagmunì-muni't huwag mabagabag
pagka't mahabà pa ang panaho't oras.

**At kailan pa man ay ang matiyagâ**
**siyang karaniwang nagtatamóng palà**
**higuít ang ganapín ang sinasalitâ**
**sa sumunód ditong katapusáng tulâ.**

**Oo't ang panaho'y siyang magsasaysay**
**ng sa bawa't isang daláng kapalaran**
**dî natin malirip ang duyong hantungan**
**ni** *Amadang bukong Simoy ng̃ Bayanan.*

**¿Ibig mong guminhawa**
**oh kababayang Dalaga?**
**iyong pag aralan muna**
**ang matuwid ni Amada**
**na tugon kay aling Iska.**

**At kung iyong matutuhan**
**at sa gawa'y mailagay**
**asahan mo balang araw**
**at hindi ka dudulugan**
**ng̃ binatang paalang̃an**
**anopa't maguiguing hagdan**
**ng̃ guinto mong kapalaran.**

## Katapusang Pangkat

# MAKABULUHANG PAYO

> **Ang matandang may tinandaan**
> **kung magpayo'y katuiran**
> **caya, dapat sundin naman**
> **ng̃ tanang kabataan.**

Isang hapon manding bagong dumadayo
ang sikat ng araw sa kabilang mundó
doón sa tindahan niyong si Delcampo
nangagkakatipon tanang bagong-tao.

Si Sano, si Pinong, Pedro at Dionis
Toribio at Carlos, Benito'y kasanib
Marcos, Isidoro, Paulino't Ides
Eduardo't ibang mga tagá Kawit (1)

Sabihin pa bagá ang kabinatàán
kapag natitipon, nariyán ang ingay
at walâ na halos napapagpulungan
kundî ang kanila na liniligawan.

---

(1) Cauit, isang poóc na munti na sacop din ng̃ Bayanan sa dacong timog ng̃ nayon, dito'y may isang balón ng̃ tubig na ang lalim ay 50 metro.

Isá ring balón ng̃ tubig ang nasa dapit Silang̃an ng̃ Canayonang Bayanan, na gayon din calalim, ng̃uni't caraniuan ding umiiguib at naglalabá ang marami doon sa batis ng̃ Butlag.

Dito namungkahì yaong si Delcampo
aniya'y oh mga tanang kanayong ko
yaring sasabihin ay akmang totoo
sa kaparis ninyong mga bagong-tao.

Matalastas ninyo, na itong Bayanang
nayon, ay nagmulâ sa iisang angkán
iisang mag-anak ang pinagbuhatan
na dito'y siya ng dumami't kumapál.

At dahilán dito'y maliwanag manding
tayo'y sa iisang Amá't Iná galing
kung gayo'y matuwid, nating pag-isahín
ang pagsasamahán, sa mabuti hinguíl.

Kayong kabatàán ay may katungkulang
ilagáy sa gawâ ang dakilang bagay
higuít pa sa inyong pinanliligawan
huwag magsukiban ang sino-sino man.

Kung sakâ-sakalìng nangagkakaalít
sa pag-aagawán sa nangaiibig
huwag kapagdaka'y patalím ang gamit
magpapaduguang hayop ang kaparis.

Sapagka't walâ ng minahál ang Dios
kaparis ng taong nasa sangsinukob
dahil sa mayroong kabaita't loob
dapat na gamitin sa nilay at hunos.

Ang nagkakarival na binatang dalawá
doon sa iisang may puring dalaga
sakaling may galit ang isá at isá
huwag mangag-away magsangunì muna.

Sa mga may baít at ng mapayuhan
ang isá at isá ng kapayapaan
at alang-alang na sa pinagbuhatan
na iisáng Iná't iisáng magulang.

Nguni't susuriin, kikilanling utang
ang taong marapat ninyong sangunian
at bakâ sakalì na ang matapata'y
siyang magbubunsód sa kapahamakán.

Sapagka't madalás na kayâ nalalâ
at dî natagpian ang kamunting sirà
ito'y nangyayari't napapanganyayà
dahilán sa susog ng masamang dilà.

Sa dami ng tao na napakakapál
ibá't ibáng kilos ibá't ibáng asal
mayroong mairog sa kapayapaan
at mayroon namang sa kaligaligan.

Itong ngalang nayon, kung pagkukuruin
isang parang bayan, na tunay na atin
huwág may mangahás na sino ma't alín
sa mga halaman na dî kanyang taním.

Ang kapinsalaan ng isá at isá
ay pagtutulungan hanga't mak-kaya
sapagka't ang wikà ni Rizal ng una
kayong mga batà ang siyang pag-asa.

Ng ikagagaling nitong kanayunan
,at sampû ng ating Inang bayang tunay
¿paanong paggawâ niyong kagalingan
kung walang mabuti na pagsasamahán?

Pangilagan natin na huwag madalá
ang sino-sino man ng Punong justicia
doon sa Hukuman, dahilan sa hablá
ng taong inapí sa gawâ at mura.

Sapagka't ang taong madalás matanghál
sa haráp ng mga Hukuman ng bayan
nagpapaiklala na ang kasalanan
ay kabakang laguì niyong katuwiran.

Kung sakalì naman at kailanganin
tayo nitong bayan at sa Layà dahil
gumanáp ng káya't huwag magsuwail
kung tungkól sa bagay na ikagagaling.

Sapagka't ang baya'y pinagkautangan
ng nangamamayan ng puri at dangál
kayâ nararapat na tayo'y magdamdám
gumawâ ng bawa at makanayanan.

Huwag ikalumbáy ng pusò at dili
ang kakauntî na binababagui
sa ating pagkita, ng bayang sarili
at yaón ay tandâ ng ating pagkasi.

Ang pag-aambagan sa anomang bagay
ating susuriin, bago magbibigáy
kung ikasusulong ng mithî ng bayan
ang nahingî huwag nating pagkulitán.

Pagka t ang ganito'y kung paglilimingin
ay kaparaang igagaling natin
lalo't katuwirang ang anák sa turing
magtangól sa Iná ng boong pagguiliw.

Sakâ huwag tayong mangimì muntî man
ng pakikiharáp sa táong sinoman
kahit maginoo ó Pinunong bayan
gamitin ang Layà sa pagpapanayám.

Ang alin mang Punong ating natatatap
na nangagkukulang sa tinig ng Batás
ay punahín nati't yaón ang marapat
sa nangamamayang sa baya'y naliyág.

Ang iguinagaling ng Punong alin man
ay nasa sa ating pinag pupunuan
kung tayo'y pabaya't maaalang-alang
pumuná, ay ito'y ating kataksilán.

Dî katáká-takáng ang isang Piloto
mapuná ng kanyang mga marinero
kapag namamasdang ang sasakyang barco
ay mapapasabong sa malaking bató.

Sapagka at ngayo'y bawa't mamamayan
ay may kaní-kaniyang uring karapatán
at malayà tayong makapagsasaysay
ng sarí-sariling kinakatuwiran.

Hindî ngâ katulad niyong unang dakong
nasa sa kastilà tayong pilipino
noo'y walang tutol, walang iling-ulo
walâ ng pahindî, at panáy ng oo.

Palibhasa'y noon tayo ay alipin
parang Levadurang bilugui't habain
sará ang matuwíd, kung sa ganang atin
kayâ nangyayari anomang ibiguin.

At magsanay namang mangagbasá tayo
niyong ibá't ibáng tagalog na libro
mga páhayagang sa panahong ito'y
laganap sa boong bayang pilipino.

Pagka't ang magbasá'y isang pag-aaral
at pagpapatalas ng isip na pangal
at kung mabihasá sa ganitong bagay
para ring marunong sa gawâ at asal.

Mga isip nati'y katulad ng ibon
sa linipád-lipád ay nakakasumpong
niyong sarí-sarì na bunga ng kahoy
panglusóg sa ating kabaitang gutóm.

Sa pagtitiyagâ at sa pagsasanay
nalakí ang ating munting kaisipán
diyán natutuklás ang mahahalagang
bagay na marapat sa nangamamayan.

Higuít pa sa inyong mga bagong-taong
bagong nag-aaral sa lakad ng mundo
punlaín sa pusò itong sinabi ko't
pak kinabangan hangang sa inapó.

Sukat hangang dito't bibigyan kong wakás
ang hakbang ng aking pagód na panulat.
Sa nayong Bayana'y huwág ding lumabás,
yaóng kay Amadang mailáp na palad.

CATAPUSAN

# INDICE

## PAGTUTTURO NG̃ PAGINA


UNANG KABANATA

Ang Balaraw at Pag-ibig sa Batis ng Butlag 5

PANGALAWANG KABANATA

¿Anong Simoy itó? 28

PANGATLONG KABANATA

¿Sino si Amada? 44

IKAPAT NA KABANATA

Ang nayon ng Bayanan at ang kanyang Panukala 61

IKALIMANG KABANATA

Ang mga Lídor 72

IKANIM AT KATAPUSAN

Mahahalagang Payo 89

## MGA AKLAT NA IPINAGBIBILI AS MGA Tindahan ni J. Martínez

| | | |
|---|---|---|
| Caligtasan ng mga may sakit . . . . . . . | P | 1.50 |
| Aclat ng pag luluto ni R. Ygnacio . . . . . | " | 1.50 |
| Pasteleria at Reposteria ni C. Trinidad . . | " | 1.00 |
| Dicc. Yngles, Español at Tagalog ni Calderon mabuting papel . . . . . . . . . . . | " | 6.50 |
| Dicc. Yngles, Español at Tagalog ni Calderon caraniwang papel. . . . . . . . . . | " | 4.50 |
| Dicc. Tagalog Hispano ni P. Serrano Laktao | " | 5.50 |
| Dicc. Español Tagalog ni R. Serrano . . . | " | 2.00 |
| Vocabulario Tagalog Castila Yngles ni Calderon. . . . . . . . . . . . . . . | " | 0.80 |
| Vocabulario Tagalo Castila ni E. Fernandez . | " | 0.60 |
| " Filipino English ni E. Daluz . | " | 0.80 |
| " Hispano Ilocano ni J. Gayacao | " | 0.50 |
| Gramatica Castila Tagalog ni Padre M. Sevilla | | |
| " Tagalog ni J. Sevilla at P. Verzosa | | |

CASALUCUYANG NILILIMBAG

Secreto de la naturaleza tagalog . . . . . .

Pasiong mahal ng̃ ating P. J. Historia Sagrada
" " " " P. J. Candaba
" " " " P. J. Ylocano
" " " " P. J. Pampango
" " " " P. J. Bicol

**At mga sarisaring aclat na Tagalog ng mga ibat ibang Autor.**

**Nagbibili ang manga Libreriang ito sa tingian at pakiawan.**

# IMPRENTA AT MG̃A LIBRERIA

—NI—

# J. MARTINEZ

| | | |
|---|---|---|
| **253 Cabildo** | **Rosario 91** | **P. Calderón 108** |
| Intramuros | Binondo | Binondo |

| | |
|---|---|
| Platicas Doctrinales ni P. Modesto . . . . | ₱ 4.00 |
| Pagsusulatan ng̃ dalauang binibini na si Urbana at ni Feliza . . . . . . . . . . . . . . | ,, 0.70 |
| Pagtulong sa mabuting pagcamatay--Centella . | " 2.00 |
| Ylao at Caginhauahan ng Caloloua unang bahagui | " 1.00 |
| Ylao at Caginhauahan ng Caloloua icalauang bahagui . . . . . . . . . . . . | " 1.00 |
| Ylao at Caginhauahan ng Caloloua icatlong bahagui . . . , . . . . . . . . | " 1.00 |
| Ylao at Caginhauahan ng Caloloua cabuoan . | " 2.50 |
| Mga pagdalao sa Santisimo Sacramento . . | " 0.80 |
| Semana Santa. . . . . . . . . . . . . . . | |
| Cahusayan ng̃ Pamumuhay . . . . . , . | |
| Compendio Historico ng̃ Religion . . . . . | |
| Catecismo explicado Mazo . . . . . . . . | |
| Cayamanan ng̃ puso ni Jesus . . . . . . | |
| Bato balani . . . . . . . . . . . . . . | |
| Hagdan ng̃ langit. . . . . . . . . . . . . | |
| Devoto Feligres . . . . . . . . . . , . | |
| Flores de Maria ò Mariquit na bulaclac . . | |
| Mg̃a Carang̃alan ni Maria . . . . . . . . | |
| Santo Evangelio. . . . . . . . . . . . . . | |
| Novena kay Jesus Maria y Josef . . . . . | ₱ 0.30 |
| " kay San Isidro Labrador . . . . . | " 0.25 |
| " " " Roque . . . . . . . , . | " 0.20 |
| " sa mg̃a Calulowa. . . . . . . . . . | " 0.20 |
| " kay San Vicente . . . . . . . . . . | " 0.30 |